Tomo XXXVII Blg.1

Abril - Mayo 2013

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila





Magsulat.
Magmulat.
Mamulat.





FB.COM/MATANGLAWINATENEO
ISSUU.com/matanglawin-ateneo

Matanglawin
Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral
ng Pamantasang Ateneo de Manila

Robert Alfie S. Peña, BS ECE '13
Punong Patnugot

Ma. Eliza Gail D. Sallao, BS Bio '14
Katuwang na Patnugot

Exequiel Francesco C. Salcedo, AB PoS-MPM '14
Nangangasiwang Patnugot

Maria Emanuelle Taguidiña, AB Com '14
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Chelsea Kate P. Galvez, BS MIS '14
Patnugot ng Sining

Benjhoe C. Empedrado, BS LfSci '14
Patnugot ng Lapatan

Natassia Marie N. Austria, AB PoS '14
Tagapamahala ng Pandayan

Jeah Maureen P. Dominguez, BS LM '14
Tagapamahala ng Pananalastas
Patnugot ng Web-Teknikal

Noel L. Clemente, BSM AMF '14
Ingat-Yaman

Jennicka Rhea N. Leorag, BS ME '15
Pangkalahatang Kalihim

SULATIN
Katuwang na Patnugot: Pristine de Leon, Den Noble
Xavier Alvaran, Ria Arante, Pao Banadera, Fred Cruz, Maj Delfin, Toph Doncillo, Alex Dungca, Abegail Esteban, Virna Guaño, Allison Lagarde, Raphael Limiac, Johnet Lopez, JV Manuel, Kevin Marquez, Leslie Mendoza, Wel Mendoza, Kevin Nera, JC Peralta, Reizle Platitas, RJ Santiago, Kevin Solis, Charlene Tolentino, Erson Villangca

SINING
Katuwang na Patnugot: Dyan Francisco
Jeffrey Agustin, Marie Aquino, Precious Baltazar
Arielle Bonifacio, Ingrid Espinosa, Monica Esquivel
Iza Jonota, Deo Macahig, Leo Marcelo
Mau Naguit, Kimberly Pe-Aguirre, Precious Baltazar
Aika Rey, Loree Reyes, Gica Tam
Jeruscha Villanueva, Carol Yu

LAPATAN
Katuwang na Patnugot: Melvin Macapinlac
Tina Barayoga, Athena Batanes, Lance Bitong,
Jami Cudala, Rizza Detosil, Alfons Joson, Reg Onglao
Bambi San Pedro, Eldridge Tan

WEB
JR Ang, Donald Bertulfo, Niron Concepcion
Andrew Gallardo, Alex Medina, Marvin Lagonera

PANDAYAN
Katuwang na Tagapamahala: Chin-Chin Santiago, Micha Aldea
Pauline Carillo, Alecs Chu, Nicole Combate,
Dawn Corpuz, Rizza de Jesus, Dominic Enriquez, Mox Erni
Mau Erni, Jasmin Fernandez, Sei Kawamoto, Jessica Lim
Joanne Manalo, Joyfie Medina, JP Murao
Vera Pinera, Alicia Ragos, Jeanica Zabala

PANANALASTAS
Katuwang na Tagapamahala: Reese Villote
Mayo Floro, Marcel Villanueva

LUPON NG MGA TAGAPAYO

Chay Florentino-Hofileña
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles
Kagawaran ng Filipino

Lech Velasco
Programa ng Sining

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Dr. Benjamin Tolosa
Kagawaran ng Agham Politikal
Tagapamagitan

Pangako

"Sa darating na halalan, tandaan ang aking pangalan! Tamang numero sa balota, inyong bilugan!"

Paulit-ulit-ulit-ulit-ulit. Iba't ibang kulay at slogan ngunit magkakatulad ng hangarin: ang masuyo ang taumbayan para sa kanilang matamis na boto. Lahat ay gagawin upang sila'y mahalal, mula sa pagsugod sa kainitan ng mga kalsada, pagsayaw at pagkanta ng kani-kaniyang jingle, hanggang sa pagyakap nang mahigpit sa karaniwang mamamayang tumatagaktak ang pawis kahit ang kandidato'y nagmula sa burgis at walang kahit anong karanasan sa paghihirap.

Sa gitna ng maiingay na piyesta sa tuwing panahon ng kampanya, nakakalimutan ng marami na ang eleksyo'y panahon ng pagtatanong at pagsusuri, at hindi ng pasiklaban. Tila nalulunod ang karamihan sa mga makukulay na salita, sa karisma ng bawat kandidato at naglalaho ang mga mahahalagang tanong na ang kasaguta'y kung hindi man magtatapos sa suliranin ng ating bayan ay siyang magdadala sa atin sa landas patungo rito.

Paano nga ba natin pinipili ang magiging pinuno ng ating bayan? Ano ba ang hinahanap ni Juan – mababang buwis, mataas na sahod? Disenteng tirahan? Ang makakain tatlong beses sa isang araw? Libreng tulong-pangkalusugan? Edukasyon para sa kanyang mga anak? Sa paglipana ng mga pangako, wala tayong magawa kundi umaasa na kung anoman ang ating pinakakinakailanga'y maihandog sa atin ng mga kandidato. Kung sino ang pinakamalapit na pangako'y siyang iboboto, hindi bale nang ang apelyido'y dalawampung taon nang naghahari sa isang bayan o kaya'y mabuting dinastiya umano ang pinagmulan at mapatutunayang maasahan na. Hindi na baleng si kandidato'y nagpalipat-lipat ng politikal na partido o walang malinaw na prinsipyong kinakatigan, basta't may proyektong naipapatupad (ayos lamang kahit ang proyekto'y isinasagawa isang buwan bago magsimula ang kampanya at eleksyon).


Tama nga ba ang ating hinahanap sa mga umaasam ng liderato ng ating bayan? O sadya na lamang tayong nadadala sa kompromiso at kagipitan? Nawawalan na ng lugar ang prinsipyo sa ating pagpili, dahil mas nauuna ang tawag ng kalam ng tiyan kaysa ating pinaniniwalaan. Natututo tayong maniwala at magtiwala nang bulag para lamang makaraos mula sa pagdaralitang humihila sa atin sa kailaliman.

Ngunit maging yaong mamamahayag na sa atin sana'y maghahatid ng katotohanan sa gitna ng mga pagpapanggap at kasinungalingan, tila pinatitindi pa nito ang pagiging karnabal ng eleksyon sa ating bayan. Hindi nabibigyan ng pagkakataong matalakay ang mahahalagang isyu, kundi ang pagpapagalingan na lamang sa pagbato ng mga insulto, ang kanilang personal na buhay at love life, maging ang buhay-showbiz ng kanilang mga kapatid at kamag-anak.

Paulit-ulit-ulit-ulit-ulit. Lagi na lamang ganito. Nakasasawa. Patuloy tayong umaasa ngunit walang nangyayari. Wala nang punto ang pagboto. Patuloy nating inihahalal ang parehong mga pangalan, at inaasahan nating magkaroon ng pagbabago – nakapapagod.

Ngunit sa gitna ng lahat, hindi ba't naroroon pa rin ang pag-asa? Tunay, katangahang maituturing na patuloy tayong umaasa, na hindi natin matanggap na wala nang patutunguhan ang ating bayan subalit nakaugat ang pag-asa sa ating karukhaan at sa ating kawalan at bumabaling tayo sa liwanag na wala pa – isang paghihintay. Patuloy tayong umaasang hindi sa kadiliman magtatapos ang ating bayan; ating yinayakap ang kadilimang ito at ginagamit natin ito bilang sangkap sa pagbabanyuhay, sa isang bagong buhay.

Sa huli, sa ating pag-asang mabago na ang nakagisnang sistema ng pamumuno, nawawala ang ating pagiging makasarili at ito sana ang napagtanto ng ating mga kababayan sa nagdaang halalan: ang ating boto ay hindi dapat maging resulta ng isang kompromiso ngunit ng ating sariling pasya; na gamitin ito bilang isang instrumento upang mapagbuti hindi lamang ang ating sariling buhay, kundi mabago ang takbo ng buhay ng ating kapwang biktima ng sistema. M



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Jeruscha Villanueva

Matagal na nilang inaasam ang kapayapaan ngunit pinipigilang mabigyan ng boses ang mga taga-Mindanao upang maipagsigawan ang pagnanais na ito ng napakaraming armadong sagupaan - mga sagupaang nagdudulot ng kadiliman sa kanilang kinahaharap. Kailan nga ba matatamasa ang kapayapaan at pagkakaisa? Kailan nila malalampasan ang mga paghihirap, maresolba ang alitan, at mabigyan ng liwanag ang kanilang buhay?

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

PAGWAWASTO

Sa isyu ng Matanglawin Setyembre – Oktubre 2012 (Tomo XXXVII Blg. 5), sa artikulong "Pagtuwid at Pagtawid sa Malubak na Daan" sa mp. 8-12, nagkamali ang patnugutan sa pagpapangalan kay Aika Pangalan, sa halip na si Aika Rey, bilang isa sa mga may gawa ng sining para sa naturang artikulo.

Sa artikulong "Pera o Pangarap" sa mp. 13-15, nakaligtaan ng patnugutan na ilagay ang pinagmulan ng impormasyong matatagpuan sa infographic sa pahina 14. Nagmula ito sa http://www.thepoc.net/thepoc-features/politi-ko/politiko-features/5378-employment-rate.html

Sa artikulo namang "Pagpaparangya ng Hari ng Kalsada" sa mp. 29-31, nais kilalanin ng patnugutan si Pristine de Leon at hindi si Pristine Althea bilang isa sa mga manunulat ng artikulo.

Hindi naman nabigyan ng karampatang pagkilala ang pinagmulan ng mga retrato sa artikulong "Sa Pamamahayag na Malaya at Nagpapalaya" sa mp. 35-36 na si Bb. Glenda Gloria.

Nais ding iwasto ng patnugutan na ang mga kumuha ng litrato ni G. Jethro Tenorio sa artikulong "Teatro at Tisa" sa mp. 39-40 ay sina James Hurby Lansangan at Adrian Begonia, hindi sina Jame Hurby Landersen Say at Adrian Bigornia.

Humihingi ang patnugutan ng Matanglawin ng paumanhin sa kung ano mang problemang naidulot ng nasabing mga pagkakamali.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan at nilalaman nito. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa 426-6001 lokal 5449 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (Blg. 201–202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.net o magpadala ng email sa pamunuan@matanglawin.net.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

NILALAMAN

TOMO 37, BLG. 1 | 2013-2014



8 TAMPOK NA ISTORYA
PAG-ASA MULA SA BAGONG BAYAN: ANG BANGSAMORO
Ang Bangsamoro Framework at ang Hinahanap-hanap na Kapayapaan

14 PULSONG ATENISTA
PALAKASAN SA PALAKASAN
Pangangamusta sa Estado ng mga Programang Pampalakasan sa Ateneo

17 PITIK-PUTAK
PAGKILING, PAGSALUNGAT
Ang bahid ng pagkiling ng media sa ilang dominanteng ideya

20 DE NUMERO
ANG PROGRESO NG FOI
Tuntunin ang kasaysayan ang FOI at kung saan ito patungo

22 TALIM NG BALINTATAW
ni Steve Kevin Solis, kuha ni Natassia Austria

24 SIGAW NG BAYAN
MATA SA BALA, BALA SA MATA
Kailan titigil ang giyera ng terorismo?

27 DUGONG BUGHAW
Ang kabilang mukha ng Metro Guwapo: o kung paano kone-konektado ang mga isyu ng bus lanes sa Edsa, ang demolisyon sa tabi ng Trinoma, ang RH bill, at si Ondoy.
ni G. Michael Pante

29 SIGAW NG BAYAN
SILIP, MASID, MATYAG
Kaligtasan, siya bang mahahanap sa mga CCTV cameras?

32 MATA SA MATA
ANG TINIG MULA SA ILANG, NOON HANG-GANG NGAYON
Pagkilala sa musikerong si Joey Ayala, ang "voice in the wilderness" mula sa Davao

34 PITIK-PUTAK
PANININDIGANG NAGHAHANAP NG TAHANAN
Ang R.A. 7279 at pagpapatuloy ng karahasan sa mga demolisyon

38 KILATISTA
LABAW DONGGON:
SA PAGBUBUO NG BAYAN

40 SIGAW NG BAYAN
PARA SA AKTIBISTANG NAKAUPO

41 BAGWIS
Iza Jonota at Noel Clemente (bagwis-art);
Jeffrey Agustin



Emansipasyon

Maria Emanuelle Tagudina
punongpatnugot@matanglawin.net

Para Sa Kanila

Higit pa sa pag-asa natin sa kayang ibigay ng gobyerno, dapat ay asahan natin ang sarili natin para makaraos.

May kuwento ako.

Sa isang liblib na bayan ilang oras ang layo mula sa Maynila, may lote kung saan iniiwan ang mga taong may edad na, mga lolo't lola na hindi na kayang alagaan ng sarili nilang pamilya. Karamihan sa kanila, kinupkop dahil pakalat-kalat na lang sa kalsada ng Maynila. May sakit na ang ilan at hirap nang makaintindi. Pagod na pagod nang baybayin ang kalakhang lungsod na malupit sa mga taong naliligaw.

Sa isang tindahan ng mga lumang libro sa may Cubao, may isang gusgusing bata na sinusubukang lutasin ang palaisipan kung paanong may saplot ang unggoy na nakapatong sa balikat ng maliit na batang babae sa libro, samantalang siya ay wala man lamang panangga sa ulan. Pinipilit intindihin ang mga salita – mga letrang malalaki't makukulay, banyaga – ngunit walang maintindihan.

Sa isa namang kainan sa Quiapo, pinapanood ng isang saleslady ang isang buto't balat na babaeng nilalasap ang isang combo meal na burger at fries with drink. Nakaupo sila sa iisang mesa, ngunit 'yong payat na babae lang ang kumakain. Hindi sila nag-uusap, ngunit ang tahimik na namamagitan sa kanila ay mas malakas pa sa busina ng mga nagmamadaling dyip, at hiyaw ng mga nagmamadaling pedicab.

Halos dalawang buwan akong nasa bakuran lang ng Pangulo. Galing pamantasan, bumibiyahe ako araw-araw patungong San Miguel para doon magsulat at magsaliksik tungkol at para sa gobyerno. Araw-araw, sa bawat sakay sa tren at dyip, nakikita ko ang kuwento ng Pilipino. Mga kuwento ng kung sino-sino ang dinadala ko hanggang sa opisina, hanggang sa pagsakay sa bus pauwi, hanggang sa salo-salong almusal kinabukasan. Mga kuwento ng paglusong at pag-ahon, pag-asa at hirap. Minsan, hindi mo na maipinta ang mukha nila - masyadong masalimuot. Sa mga kuwento nila ako namumuhunan.

Bago ako magsimula doon, tinanong nila kung ano nga ba para sa akin ang gobyerno. Sabi ko, seguridad at proteksyon, hustisya, representasyon. Tinanong rin nila kung hanggang saan ko kayang dalhin ang katapatan ko sa adbokasiyang pinipili kong isulong. Sagot ko naman, isusugal ko ang kung ano ang mayroon ako, maitaguyod lang ang katotohanan. Ideyal.

Sa totoo lang, hindi ko kailanman naisip na pasukin ang gobyerno. Isa ako sa mga taong naniniwala na higit pa sa pag-asa natin sa kayang ibigay ng gobyerno, dapat ay asahan natin ang sarili natin para makaraos. Isa ako sa mga kumikritik, bumabatikos, kumukuwistyon sa kakayanan ng kasalukuyang administrasyon na mamuno. Pero heto ako, sinusubukang kilalanin siya. Lundag sa kawalan.

Matagal ko nang pangarap ang magkuwento ng mga kuwento. Pamamahayag ang tawag sa propesyon na 'yon. Naniniwala ako sa kredo ng mga mamamahayag: na isang uri ng public service, na isa itong tapat na serbisyong publiko. Nasasabi kong natutugunan ko ang pananagutan ko sa bayan gamit ang panulat ko, 'yong pagguhit sa bawat mukha ng Pilipinong may kuwento, 'yong pagbibigay ng mukha para sa kanila na mga isinasantabi – para sa kanila ang tinta ng panulat.

Marahil kaya ko rin tinanggap 'yong oportunidad na magsulat at magsaliksik sa isang sangay ng gobyerno. Isang lundag sa kawalan para sa kanila. Hindi ko lubos na masabing nagbago na ang tindig ko sa mga isyu ng administrasyon, ngunit mayroon na akong mas malawak na perspektiba. Isang ideyal na larawan ang daang matuwid, ng

Sa pagsusulat ng kuwento, maraming posibleng punto-de-bista, iba-iba ang daloy ng banghay, nagbabago-bago ang mga tauhan. Ngunit nasaan ang pagtatapos? Sino ang nagsusulat ng lahat ng ito? Para kanino nga ba ang lahat ng trabahong ito?

Para sa mga naliligaw. Para sa mga naguguluhan. Para sa mga tahimik na nagdadalamhati.



OPINYON

Abstractio

Noel L. Clemente
pamunuan@matanglawin.net

Panahong Tanikala

Napakamaraming maaaring mangyari sa buhay ng tao. Nakagigitla sa sobrang dami. Magagawa natin ang lahat ng bagay—basahin ang lahat ng libro, panoorin ang lahat ng pelikula, matuto ng lahat ng disiplina—kung hindi dahil sa isang tanikala: panahon. Kung ang pangunahing problema sa ekonomiks ay ang pagkasyahin ang limitadong likas na yaman ng daigdig sa walang katapusang pangangailangan ng tao, ang pangunahing problema ng buhay ay tukuyin kung alin sa pagkarami-raming posibilidad sa buhay natin ang ating pipiliin at isasabuhay sa kakaunting panahon.

Marahil ito ang dahilan kaya nauso ang salitang priyoridad. May kailangan tayong unahin sa nakasalansan na mga posibilidad at pagkakataong nakahain sa atin. Sapagkat hindi natin natitiyak kung kailan malalagot ang ating hininga, dinadanas at nililinang natin yaong mga bagay na pinahahalagahan natin. Nagiging problematiko para sa isang tao ang kaniyang mortalidad sa kaganapan ng kaniyang mga nais sa buhay. Sa madaling sabi, marami siyang gustong gawin ngunit hindi tinutulutan ng panahon na gawin niya itong lahat.

Maaaring patuloy kong ibigin ang dalawang larangan, ngunit hindi ako magiging dalubhasa sa alinman.

Namulat ako sa katotohanang ito sa nakaraang unang semestre ng ikatlong taon ko sa kolehiyo. Matagal ko na ring kinahihiligan ang kapuwa matematika at pagtula. At sa nagdaang semestre, lalong napalalim ang pag-unawa ko sa dalawang larangang ito. Nakakuha ako ng mga asignatura sa matematika na bagaman nahirapan akong unawain sa una, natutuwa pa rin ako sa lohikang ginagamit nito. Hindi ko maikakailang mas malalim na ang mga ugat ng matematika sa aking pag-iisip. Sa pagtula naman, matapos ng mahigit limang buwan na pagsabak sa palihan ng LIRA (premyadong organisasyon ng mga makatang Filipino), lalong nagningas ang aking kagustuhang magtula. Matapos maranasang dustain at laitin ang mga berso kong sablay sa talinghaga, natuto akong humabi ng mga taludtod at makapanahi ng isang magandang tula.

Kaakibat ng lalong pagkaunawa sa mga nabanggit kong hilig ang isang masakit na paglilimi—isa akong maliit na baguhan sa parehong disiplina. Marami pang konseptong banyaga ang kailangan kong matutuhan sa matematika upang makapag-ambag ng bago sa pag-aaral nito, o kahit magamit lamang ang natutuhan upang makaguhit ng mga estadistikang kapaki-pakinabang sa hinaharap. Gayundin, isa lang akong baguhang makatang nakatikim ng talinghaga; marami pa akong tulang susulatin bago maging mahusay, at kung pagbibigyan ng pagkakataon, makapanalo sa mga paligsahan at makasulat ng libro.

Ngunit nasusulat, hindi mo maaaring paglingkuran ang dalawang panginoon. Maaari akong makapag-ambag sa disiplina ng matematika ngunit hindi na makapagtulang muli, o maaari rin namang tuluyang akong sumisid sa talinghaga at hindi na makalakad sa daigdig ng sipnayan. Maaari ring patuloy kong ibigin ang dalawang larangan, ngunit hindi ako magiging dalubhasa sa alinman—mananatili ako sa sangangdaang kinatatayuan ko.

Subalit hindi maaaring mangyari iyon. Hindi ako maaaring manatili buong buhay ko sa iisang lugar. Maaaring matitikman ko ang parehas kong iniibig, ngunit walang makapagpapabusog sa akin. Kailangang mamili, kailangan sapagkat lumilipas ang panahon. Ang bawat segundong ipinagpapaliban ko sa paglilimi kung ano ba ang dapat piliin, o kung kailangan nga bang mamili, ay panahong maaari sanang magsilbing hakbang sa pagtahak ng landas ng buhay ko. Wala namang naghuhudyat sa aking magmadali, pero kailangan lang talagang mamili.

Sa huli, maituturing na biyaya ang tanikalang panahon natin. Kung hindi tayo mortal, wala siguro tayong mapagpapasiyahan hanggang ngayon. Ipagpapaliban natin ang kaganapan ng ating buhay sapagkat mayroon naman tayong magpakailanman para gawin iyon. Pero dahil ilang dekada lang ang ipinagkaloob sa atin, kailangang mamili. Ang matinding hamon: (ika nga ni John Lloyd) tiyakin nating ang anumang pipiliin ay higit pa sa isang libong bagay na ating tatanggihan.

OPINYON



Tataga

Natassia Marie Austria
pandayan@matanglawin.net

Kay Haba Naman

Ikaw na may tiket sa eleksyon, umupo ka na lamang ba at nanood sa kung anong kinalabasan ng laro ng mga kandidato? Hinayaan mo na lang bang iba ang sumigaw, ang magparinig?

Pumila ka ba?

Noong nakaraang Oktubre, nagtagumpay ang koponan ng Blue Eagles sa ika-75 na UAAP Men's Basketball, naka-5-peat pa nga. Sinubaybayan ng marami ang bawat laro ng koponan at nagkandarapa upang magkaroon ng tiket para makapanood ng huling laro nila sa Araneta o sa MOA. Masuwerte ka kung may maaabutan kang tiket sa online na bentahan nito. May mga natulog nga sa labas ng Ateneo para nasa unahan ng pila subalit sadyang palaging may mauuna sa iyo kahit pa man nakikita mong unang-una ka na sa pila. Ganoon pa man, tila walang magpapatinag sa mga Atenista hangga't hindi sila nakakakuha ng tiket. Namamangha na nga lamang ako na tila hardcore ang lahat ng tao sa bentahan ng tiket.

Hindi pa rin nagtatapos ang pagpila ng mga nagkaroon ng tiket sapagkat pipila sila muli sa Araneta man o MOA upang magkaroon ng magandang upuan. Gugustuhin mo siyempre na lumugar kung saan maganda ang anggulo mo sa laro (o sa iba kung saan madali kang makita ng kamera at instant bagong profile picture!). Mahaba-habang proseso para lamang makapanuod ng isang laro pero nakakapawi ng pagod ang pagkapanalo ng kupunan.

Noong nakaraang Oktubre rin, natapos ang mahabang panahon upang makapagparehistro sa COMELEC bilang botante. Sunod namang pinilahan ng mamamayang Pilipino ang eleksyon. Noong katapusan ng Oktubre nga natapos ang pagpapalista. At tulad ng inaasahan, marami pa ring nakapila noong huling araw at umasang matatapos ang proseso.

Uulitin ko, pumila ka ba? Kung rehistrado ka na noong mga nakaraang taon, mabuti. Ngunit para sa mga katatapak pa lamang ng labing-walong gulang, isa itong malaking tanong. Hindi na natin masisi iyong mga hindi nakatapos ng rehistro. Hindi rin naman siguro nila ginustong hindi matapos ang kanilang pagpaparehistro.

Ang karapatang bumoto na marahil ang pinakapayak na pantukoy ng demokrasya sa ating bansa at nararapat rin lamang itong pahalagahan at isagawa. Kung baga, tikim lang iyan ng pinakainaasam-asam mong putaheng luto ng iyong lola.

Lalo na kung nakapagrehistro ka na, bakit hindi ka pa pipila para bumoto? Kung may tiket ka na sa Araneta o sa MOA, hindi ka pa ba manunuod? Kung sa bagay, marami pa ring pumipila sa bentahan ng tiket ngunit hindi para makapanuod kung hindi para maibenta ito sa mas mataas na halaga sa mga naubusan. At siyempre may mga kumakagat rito kaya patuloy pa rin itong nangyayari. Subalit sa nagdaang eleksyon, hindi mo marahil ginustong ibenta ang iyong tiket sa eleksyon, ang iyong rehistro bilang botante.

Sabihin nating hindi mo ipinagbili ang iyong tiket sa laro at nanood ka. Mag-cheer ka naman at huwag lang maupo. Kung ayaw mo, mas mainam nga siguro na ibinenta mo na lang sa iba ang tiket. May bahagi ang pagsigaw sa bawat laro sapagkat nagpapalakas ito ng loob ng mga manlalaro.

Subalit madalas ipinapaubaya na ng mga Atenista ang pag-cheer sa mga cheerleaders lalo na kung lamang tayo sa laro. May mga pagkakataon pa ngang ibinabaling ang pagkatalo ng laro sa kanila. Mahina raw ang cheer. Sa tingin ko sila lang ang namumuno sa pag-cheer pero hindi naman nangangahulugan sila rin lamang ang sisigaw. Malakas nga ang tunog ng mga tambol ng banda at ang pagsigaw ng Babble pero hindi pa rin ito sapat dahil may cheer din ang katunggaling koponan. Kailangan ng sigaw mo, Atenista.

Hinayaan mo bang ganito ang eksena sa eleksyon? Ipinagbili mo ba ang iyong boto? Ikaw na may tiket sa eleksyon, umupo ka na lamang ba at nanood kung anong kinalabasan ng laro ng mga kandidato? Hinayaan mo na lang bang iba ang sumigaw, ang magparinig? Ang marinig? Ano nga ba ang nakataya sa boto mo? Kayang mo itong intindihin, huwag mong isara ang iyong tenga porke't usaping politika.

Tupang Ina

Ni Chupalpalerang Chingkeh

PAMATAY BANAT:

Kung sasabihin ko sa sarili kong hindi kita mahal, mabubusog ako. Kasi kakainin ko lahat ng sinabi ko.

sweetie patootie talaga ng luvidubs ko. :">

Nitong taong 2013...

wagi ba o sawi ang lablayp mo?

OH NOES... kaya pala...

S.A.R.A.P.
Samahan ng mga Atenistang Romantic Ang Papa

Mahirap palang umibig sa pusong bato.

Kung ako'y iibig, sana'y 'di maging katulad mo!

S.A.K.L.A.P.
Samahan ng mga Atenistang Kaibigan LAng Pala

ikaw na...

TAMPOK NA ISTORYA

PAG-ASA MULA BAGONG BAYAN
ANG BANGSAMORO

Ang pagpapalit ba ng ARMM ang magbibigay ng hinahangad na pag-asa, kalayaan at kapayapaan sa mga taga-Mindanao?

ni Ray John Paul A. Santiago, sining ni Jeruscha Villanueva, lapat ni Melvin Macapinlac

Matapos ang paglipas ng mga kasunduang pangkapayapaan, nanatiling sagana ang Mindanao sa mga isyu ng kahirapan, kakulangan sa edukasyon at kagamitang pangkalusugan, iba't ibang pulitikal na pagpatay, mga hidwaan sa pagitan ng mga angkang pulitikal at sagupaan sa pagitan ng mga terorista, Moro Islamic Liberation Front, at ng Sandatahang Lakas. Kilala ang Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM) bilang isang rehiyong nagtataglay ng ilan sa pinakamahihirap na probinsya sa bansa at nakaugat ang kahirapan sa kawalan ng kabuhayan at paulit-ulit na paglikas mula sa kanilang mga tirahan dahil sa manaka-nakang engkuwentro sa pagitan ng mga separatista at ng pamahalaan.

Bilang tugon sa mga kaguluhang ito, nitong ika-pito ng Oktubre 2012 inilabas ng MILF at ng Gobyerno ng Pilipinas (GPH) ang "Framework Agreement on the Bangsamoro", isang kasunduang nagnanais buuin ang Bangsamoro Autonomous Region upang palitan ang kasalukuyang ARMM.

Nitong ika-15 ng Oktubre 2012 nilagdaan ang batas na ito sa Palasyo ng Malacañang na siyang nasaksihan nina Pangulong Benigno Aquino III at Punong Ministro Najib Razak ng Malaysia kasama ng iba pang mga miyembro ng gabinete. Ang peace panel ay binubuo nina Miriam Coronel-Ferrer mula sa peace panel ng ating pamahalaan (pumalit kay Marvic Leonen bilang GPH Peace Panel Chair matapos siyang mahirang bilang mahistrado ng Korte Suprema) at ang punong negosyador para sa MILF Peace Panel na na si Mohagher Iqbal. Si Teresita Quintos Deles naman ang nagsisilbing Presidential Adviser on the Peace Process.

BAYANG NAPAG-IWANAN

Nakaukit na sa kasaysayan ang pinagmumulan ng alitan sa pagitan ng punong namumuno o Central Government at ng mga Moro. Isa sa mga problemang ito'y nagmula sa tinatawag ni Atty. Soliman Santos, Jr. na marginalization at minoritization. Mayroon nang makulay na tradisyon at kultura ang mga Muslim bago pa man dumating ang mga Espanyol, at matagal na ring nakaukit ang relihiyong Islam sa mga katutubo ng sinaunang Mindanao. Sa harap ng mga mananakop, nanatili ang ang makulay na kalinangan ng mga Muslim kaya't nakapagtatakang ang isang makulay at malalim na kultura ay hindi kasama sa kabuuang kasaysayan ng Filipinas; naging "Luzon-centric" ang kasaysayan ng Pilipinas.

Hindi nakatulong ang hindi pagkilala ng mga Amerikanong mananakop sa ancestral domain ng mga Moro. Matapos ang pagdedeklara ng kalayaan ng Filipinas noong 1946, idinugtong ang Moroland sa Luzon nang walang pahintulot. Nakuha ng Filipinas ang kanyang kalayaan ngunit sa parehong pagkakatao'y pakiramdam ng mga Moro at lumad ay nawalan sila.

Ayon sa sanaysay ni Santos na pinamagatang Evolution of the Armed Conflict on the Moro Front, ang mga sumusunod ang mga dahilan ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng Central Government at ng Moro: (a) Ang ilegal na

pagdudugtong ng Moroland sa Filipinas sa ilalim ng Treaty of Paris; (b) Military pacification; (c) Imposition of confiscatory land laws; (d) Indionization o Filipinization ng publikong administrasyon sa Moroland at ang pagkasira ng mga tradisyunal na mga institusyong pangpulitika; (e) Ang resettlement program na pinairal ng gobyerno; (f) Pangangamkam ng mga lupain; (g) Kultural na pagsalakay laban sa mga Moros; (h) Jabidah Massacre; (i) Ilaga: Ilonggo Land Grabbers Association (Kristiyanong Militante); at (j) ang hindi pagpansin sa mga hinaing ng mga Moro noong panahon ng panunungkulan ng Pangulong Marcos at ang kaakibat nitong Batas Militar.

PAGLABAN PARA SA KALAYAAN

Sa gitna ng mga pagtatalo at negosasyon, maraming grupo ang nabuo upang maipagtanggol ang mga Moro. Binuo ni Nur Misuari, isang guro ng Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, at ni Hashim Salamat, isang Islamista, ang Moro National Liberation Font (MNLF), matapos ang Jabidah Massacre, kung saan ilang sundalong kabataang Muslim ang pinaslang matapos tumangging salakayin ang Sabah upang makuha ang estado mula sa gobyerno ng Malaysia.

Ngunit matapos masangkot sa isang hidwaan sina Misuari at Salamat, nabuo naman ang Moro Islamic Liberation Front (MILF). Isa sa mga dahilan ng pagtatalong ito sa pagitan ng dalawang kampo ang Government of the Republic of the Philippines (GRP)-MNLF noong Septyembre 21, 1977, kung saan nilabag ng gobyerno ang kasunduang Tripoli.

Nabuo naman ang Abu Sayyaf Group (ASG) na kinabibilangan ng ilang mga miyembro ng MNLF sa pamumuno ni Abdujarak Janjalani.

Nagdeklara ng tigil putukan (ceasefire) ang dating pangulong Fidel Ramos noong Sept. 2 ,1996 para sa MNLF, dahil sa paglala ng tensyon sa pagitan ng MNLF at MILF na siya ring sinabayan ng pagsama ng relasyon sa pagitan ng central government at ng MNLF-MILF.

Dulot ng takot at pangamba ng mga taga-Luzon sa maaring gawing pananakop ng mga taga- Mindanao, naglunsad ng "all-out war" ang dating pangulong Joseph Estrada at halos naubos ang sandatahang lakas ng MILF. Natigil lamang ito matapos lagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang isa pang ceasefire treaty noong 2001.

SINO BA ANG "BANGSAMORO"?

Sa isang pahayag ni Leonen noong Oktubre 8, 2012, kanyang kinilala ang tunay na Bangsamoro. "Ibig sabihin po no'n, 'pag binansagan kang Bangsamoro, may option ka na sabihing, 'Hindi ako Bangsamoro.' Kapag hindi ka Bangsamoro pero tingin mo Bangsamoro ka, puwede mong tawagin ang sarili mong Bangsamoro," aniya.

Siyang tinutukoy ng salitang "Bangsamoro" ang mga katutubo ng Palawan, Sulu at Mindanao. Nanggaling ang katagang Bangsamoro sa mga katagang bangsa, isang Malay na salita na ang ibig sabihin ay bansa, at moro, o Muslim na tumutukoy rin sa ibang katutubo o lumad sa Mindanao. Nilagdaaan ng Pangulong Noynoy Aquino ang "Framework Agreement on the Bangsamoro," kasunduang bubuo sa isang namumunong mga batas, siyang tinatawag na Organic Law. Sa kalaunan, ang Organic Law na ito ang magiging batayan sa pagbuo ng mga batas ng mabubuong Bangsamoro Autonomous Region.

Binubuo ang kasalukuyang framework ng pitong mahahalagang bahagi: uri ng gobyernong magpapatakbo sa Bangsamoro, ang Basic law and power, Revenue generation and Wealth sharing, Territory, Basic rights, Transition and Implementation at Normalization.

Sa kasalukuyan, dumaraan sa proseso ng pagdaragdag ang Bangsamoro Committee ng mga "annexes," na magsisilbing karagdagan batas at mga anunsyo habang binubuo pa ang Framework.

URI NG GOBYERNO

Magkakaroon ng tinatawag na asymmetrical na uri ng relation sa pagitan ng Bangsamoro at ng Central Government.

Ayon kay Leonen noong press briefing para sa Bangsamoro Framework Agreement na ginanap noong ika-8 ng Oktubre, 2012, nagkakaroon ng mas mataas na kapangyarihan ang isang autonomous region kay sa administratibong rehiyon, bilang pinapatakbo ito ng isang organic law, na kilala rin sa taguring basic law, na mapapasailalim parin naman sa kapanyarihan ng Konstitusyon. Kinakailangan lamang na hindi malabag ng mga bubuuing batas sa ilalim ng Bangsamoro Basic Law ang Konstitusyon.

Magiging ministeryal ang uri ng pamumuno ng mga Bangsamoro. Paliwanag ni Leonen, sa ilalim ng ganitong klase ng pamumuno'y magkakaroon ng iba't ibang partido pulitikal na susubukang makakamit ng kapangyarihan sa isang sektor ng pamahalaan. Ang mga partidong mananalo ang maghahalal sa mamumuno o chief minister.

Ngunit ang aspektong ito ang isa sa mga kinuwestiyon ng mga mambabatas. Maaari bang magkaroon ng isang ministerial na gobyerno ang isang rehiyon na nasa ilalim ng isang bansang hindi ministerial? Nilalabag ba nito ang konstitusyon at nangangailangan pa ba ng isang constitutional amendment upang maisakatuparan ang framework?

"Walang bahaging matatagpuan sa Konstitusyon na siyang nagbabawal [sa Bangsamoro] na magkaroon ng ministeryal na anyo ng pamamahala," siyang sagot ni Leonen. Anomang uri ng pamamahala man ang maipatupad ng Bangsamoro, sasailalim pa rin ito sa kapangyarihan ng Pangulo.

PAGHAHATI NG KAPANGYARIHAN

Nakasaad sa Bangsamoro Framework ang pagkakahati-hati ng kapanyarihan sa pagitan ng Bangsamoro at ng Central Government. Pamumunuan ng Central government ang mga sumusunod: Defense and External Security, Foreign Policy, Common Market, Global Trade,

Coinage and Monetary Policy, Citizenship and Naturalization, at Postal Service. Nasa ilalim naman ng kapanyarihan ng Bangsamoro ang pagpapataw ng buwis (tax bases at tax rates) at ang kakayanang gumawa ng pagmumulan ng perang kikitain.

Nakasaad din sa paunang framework na magkakaroon ng kapangyarihan sa paghuhukom ang batas ng Shari'ah, isang kasulatan kung saan nakasaad lahat ng utos ni Allah. Kilala ito bilang Islamic Law at tanging mga Muslim lamang ang sakop ng Shari'ah.

Binibigyang halaga rin ng Framework ang mga tradisyon at kultura ng mga lumad (mga katutubo ng Mindanao na hindi Muslim), ayon sa kung anong uri ng paghuhukom mayroon ang katutubong grupo. Ibig sabihin maaaring maging alternatibong paraan ang mga tradisyong ito upang maghukom.

Ayon kay Dean Antonio La Viña mula sa Ateneo School of Government (ASOG) mula sa kanyang artikulong Understanding the GPH-MILF Framework , para sa isang bayang binubuo ng 8.9% na lumad at 18.5% na Muslim, malaking aspekto ang pagbibigay-pansin sa mga tradisyon ng bawat grupo. Isang paraan ito upang maging sensitibo ang taong bayan sa iba't ibang demograpikong bumubuo sa Bangsamoro.

Batay umano sa mga umiiral na batas sa bansa, mayroon lamang limitadong kapangyarihan ang Shari'ah. Para sa dalawang partido, ang Central government at Bangsamoro, dapat palawigin ang kapangyarihan nito at bigyan ng karagdagang pansin ngunit sumasailalim pa rin naman ito sa kapangyarihan ng Korte Suprema at mananatiling kabiyak ng sistemang panghukom ng bansa.

YAMAN, KITA AT SALAPI

Ang kakulangan ng ARMM sa pangangalap ng pondo at limitadong kapangyarihan sa paggawa ng mga maaaring pagmulan ng kita para pondohan ang mga proyekto nito, ang nagsilbing mitsa [nito]

Kung tatantiyahin, mahigit kumulang 5% lamang ng pondo ang nanggagaling

MAHIRAP NA NGA KUMILOS ANG MNLF KASI KULANG SA PONDO ANG ARMM, ANG CAPACITY TO RAISE FUNDS LOCALLY WITH THEIR OWN POWERS 'DI NAMAN MALAKI, ANG INAASAHANG SA NATIONAL GOVERNMENT ANG DATING, MAHINA PA.

Padre Romeo Intengan, SJ, Paaralan ng Teolohiya ng Pamantasang Ateneo de Manila

sa lokal at ang natitirang porsiyento'y nanggagaling sa Central Government. Ayon kay La Viña, ang pagiging palaasa ng ARMM sa Central Government ang naging dahilan upang hindi maging epektibo ang ARMM, sa kabila ng kalayaan at kapangyarihang ibinigay rito ng gobyerno.

"Mahirap na nga kumilos ang MNLF kasi kulang sa pondo ang ARMM, ang capacity to raise funds locally with their own powers 'di naman malaki, ang inaasahang sa national government ang dating, mahina pa," ayon kay Padre Romeo Intengan, SJ, propesor sa Paaralan ng Teolohiya ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Ayon kay La Viña, may karapatan din ang Bangsamoro na tumanggap ng mga donasyon at mga pamigay (grants) mula sa labas at loob ng bansa at kaya rin nilang tumanggi sa mga subsidies na inaalok ng Central Government. Mayroong karampatang hati at kita rin sila sa bawat paggamit ng likas na yamang mula sa mga teritoryong sakop nito mapatubig man o sa kalupaan. May kakayanan din silang gumawa ng sariling auditing body at mga pamamaraan ukol sa mga pananagutan sa kita at pinagkukuhanang pondo sa loob man at sa labas ng Bangsamoro.

Kapansin-pansin ang pagkakatulad ng kapangyarihang ito sa kapangyarihan ng mga local government units (LGUs) sa ilalim Local Government Code, ani La Viña. Anumang karagdagan kapangyarihan ay pinag-uusapan pa ng dalawang kampo.

MGA LUPAING SAKOP

Malaki ang epekto ng isyu ng lupain para sa mga taga-Mindanao at isa ito sa mga nais talakayin ng Framework, ang pagtatalo ukol sa lupaing kinasasakupan ng Bangsamoro dahil ninanais nilang mabawi ang mga lupaing nakuha ng mga nagdaang mga pananakop at ng pamahalaan, mula sa dominanteng Kristiyanong pamumuno ng mga Espanyol hanggang sa pamahalaan ng Filipinas matapos ang komonwelt.

Ang mga lupaing napapasailalim sa Bangsamoro batay sa Framework ay ang sumusunod: anumang lupain na sakop ng ARMM, mga munisipyo ng of Baloi, Munai, Nunungan, Pantar, Tagoloan, Tangkal, Kabacan, Carmen, Aleosan, Pigkawayan, Pikit at Midasayap; ang lungsod ng Cotabato at Isabela. Sa ngayon, ito ang mga bayan na napapaloob sa ARMM: probinsiya ng Basilan (maliban sa Isabela City), Lanao del Sur, Maguindanao, Sulu and Tawi-Tawi.

Maaari pang maisali ang ibang lugar na nagnanais na maging bahagi ng Bangsamoro, ngunit kailangang ang pag-aanunsyo ng pagsali ay sa loob ng huling dalawang buwan bago mapagpapatibay ang Framework Agreement. Isang LGU o kaya'y hindi kukulang sa sampung porsiyento ng rehistradong botante and kailangan upang makasali.

KARAPATAN

Sa usapin naman ng mga karapatan ng Bangsamoro, ilan sa mga naidagdag sa basic rights ang karapatan ng mga kababaihan, karapatang lumahok sa pulitika, karapatang maipagtanggol sa anumang uri ng pananakit, at kalayaan sa lahi at relihiyon. Binibigyang-diin ng basic rights ang karapatan din ng mga taga-Bangsamoro sa lahat ng mga ari-arian na nakamkam mula sa kanila lalong-lalo na sa isyu ng lupain at teritoryo.

Ngunit sa isyu ng lupaing ito, may ilang mga punto ukol dito na dapat mabigyan-pansin sa framework ayon kay La Viña bilang mayroong mga batas tulad ng

IPRA o Indigenous People's Rights Act na sumasalungat dito. Binibigyan ng IPRA ang mga katutubo ng karapatan upang magmay-ari ng isang ancestral domain, ngunit may mga batas na maaaring hindi sumasang-ayon sa paggamit nila ng anumang napagkukunang yaman sa lupang iyon tulad ng mga batas ukol sa kalikasan at forestry laws.

Dagdag ni La Viña, kailangan ng mabuting paghihimay ng mga batas at paghahanap ng mga pinagugatan ng mga away lupa upang maiwasan ang anumang pagdalak ng dugo at paggamit ng dahas.

TRANSISYON AT NORMALISASYON

Isinasaad sa framework na bubuo ng isang transition committee na siyang mamumuno sa pagbubuo ng kasunduan sa pagitan ng dalawang panig, magpapatibay rito, at bubuo ng Basic Law. Matapos mapagtibay itong basic law, opisyal nang malalansag ang ARMM at mabubuo na ang BTA o Bangsamoro Transition Authority, na siyang pansamantalang mamumuno sa Bangsamoro. Kasabay nang pag-upo ng BTA ang pagpapatupad ng ministeryal na uri ng pamahalaan at sa taong 2016 pa magkakaroon ng pormal na eleksyon at pormal na ililipat ang kapangyarihan mula sa BTA sa susunod na mamumuno.

Ngunit nagiging hadlang din sa pagbuo ng isang matatag na pamamahal ang lumalalang labanan sa pagitan ng mga MNLF, MILF, at ng AFP (Sandatahang Lakas ng Pilipinas). Sa aspektong ito, magsisilbi ang normalization na bahagi ng framework bilang dahan-dahang mag-aalis ng armadong lakas ng MILF o decommissioning at ililipat ng AFP ang pagpapatupad ng batas sa mabubuong kapulisan ng Bangsamoro.

Ngunit nakikita rin ni Padre Intengan na kung maipapasa ang Framework on the Bangsamoro Agreement, na hindi lamang ministeryal ang maging pamumuno rito dahil maaaring maglipana ang mga mungkahi na gawin na lamang pederalistang estado ang Filipinas, tulad ng matagal nang kagustuhan ng Cebu upang maiwasan ang mga pagtatalo. Maganda naman umano ang epekto ng pagiging isang federalist state ngunit hindi pa handa ang Filipinas upang isakatuparan ito.

MGA ISYUNG KINAKAHARAP

Tila likas nang asahang humarap sa maraming batikos at puna ang pagbuo sa Bangsamoro dahil sa sensitibong nilalaman ng framework, mula sa pagsusog sa konstitusyon hanggang sa paglahok ng Punong Ministro ng Malaysia sa pagbalangkas sa naturang framework. Bahagi rin ng kaguluhan pagdating sa isyung ito ang hidwaan ng MILF at MNLF dahil sa kapangyarihan ng magiging pamahalaan ng Bangsamoro.

Sa isang ulat ni Chito Chavez ng Manila Bulletin nito lamang nakaraang taon, ipinihayag ng dating gobernador ng ARMM na si Misuari na "irrelevant" ang naturang framework agreement dahil nais lamang ng umano ng Premier ng Malaysia na mabawi ang kanyang bumababang pwesto sa papalapit na halalan sa Malaysia.

Nilinaw ni Misuari ang pagkakaiba ng MILF at MNLF bilang isang grupo. Aniya, ang MILF ay isang partidon naka pokus sa mga programa kaysa sa MNLF na naka pokus naman sa isang religious set up.

Sa kasong ito, naniniwala si Intengan na nakararamdam ng pagkadehado ang MNLF sa MILF. "Ang MNLF isasantabi, samantalang ang MILF tuloy-tuloy ang mga negosasyon. Simula pa 2011, tapos hindi pa naisagawa nang ayos ang peace agreement ng 1996, e iyon di pa tapos [1996 peace agreement] pero meron na agad bagong peace agreement... Kung ikaw ang MNLF, anong mararamdaman mo? 'Binastos kami [sila] dito',"* aniya.

Ukol naman sa susunod na uupo bilang punong ministro ng Bangsamoro, dehado rin ang MNLF ayon kay Padre Intengan. Aniya, may nakalaang walong puwesto sa MILF sa transition committee na mabubuo, kung saan ang MILF din ang magiging punong panelista samantalang pito ang magmumula sa pamahalaan at iisa lamang ang manggagaling sa MNLF. Dahil dito, maaaring mas malaki ang posibilidad na mula sa MILF ang mahihirang bilang punong ministro.

At hindi lamang sa pagitan ng MILF at MNLF ang hindi-pagkakaunawaan sa magiging istruktura ng pamamahala ng Bangsamoro. Nito lamang Oktubre ng nakaraang taon nagkaroon ng engkuwentro sa pagitan ng MILF at Bangsamoro Islamic Freedom Movement o BIFM, isang grupong militante na tumiwalag sa MILF na pinamumunuan ni Ameril Umbra Kato.

Sa pagkakabuo naman at pagkapasa ng framework sinabi ni Intengan na maaaring magkaroon ng tagong adyenda sa pagitan ni Najib Razak, ang Punong Ministro ng Malaysia at ng Pangulong Aquino. Maaaring kaya lamang tumulong si Razak ay dahil sa isyu ng Sabah, na hanggang ngayon ay pinagdedebatihan pa rin.

PAGKAKAIBA SA MOA-AD

Tila nga't wala halos pinagkaiba ang memorandum of agreement on ancestral domain (MOA-AD) na ibinasura ng Korte Suprema noong 2008 sa kasalukuyang Bangsamoro Framework Agreement. "Hindi totoo na masisira ang Republika [kung ipapatupad ang MOA AD]. Ang nagpasimuno niyan si Roxas at Drilon.

IBIG SABIHIN PO NO'N, 'PAG BINANSAGAN KANG BANGSAMORO, MAY OPTION KA NA SABIHING, 'HINDI AKO BANGSAMORO.' KAPAG HINDI KA BANGSAMORO PERO TINGIN MO BANGSAMORO KA, PUWEDE MONG TAWAGIN ANG SARILI MONG BANGSAMORO

Marvic Leonen mula sa Press Briefing ukol sa Peace Process noong ika- 8 ng Oktubre taong 2012



Sila ang nagsampa ng kaso tapos [ito'y] nagsnowball. It became politically unviable, kahit na defensible, constitutionally."

Malaki rin ang epekto ng pagkakataon at kasalukuyang pangyayari sa naging pagbuo ng pumalyang MOA-AD. Naging malaki ang epekto ng mababang popularity polls ng dating pangulong Arroyo kung kaya't hindi ito nagtagumpay lalo pa't lahat ng kilos ng dating pangulo'y kaduda-duda sa mata ng publiko, samantalang ang kasalukuyang pangulo ay mas pabor ang popularity rating, kaya't mas mabilis naipasa ang framework.

ANG MNLF ISASANTABI, SAMANTALANG ANG MILF CONTINUOUS ANG NEGOTITATIONS…SIMULA PA 2011, TAPOS HINDI PA NAISAGAWA NG AYOS ANG PEACE AGREEMENT NG 1996, EH YUN DI PA TAPOS [1996 PEACE AGREEMENT] PERO MERON NA AGAD BAGONG PEACE AGREEMENT. KUNG IKAW ANG MNLF ANONG MARARAMDAMAN MO?

Padre Romeo Intengan, SJ

HINDI LANG DAPAT SA PAPEL

Hindi kailanman natatapos ang mga punang ibinabato sa Bangsamoro Framework Agreement ngunit naniniwala si Leonen sa positibong pag-iisip. Aniya, walang perpektong paraan upang tuluyang makamit ang kapayapaan.

Tunay na hindi tuluyang malalaman ang magiging epekto ng framework na ito kung hindi ito masusubukan. Naniniwala si Intengan na isa sa mga pangunahing dahilan kaya't nagkakaroon ng kaguluhan sa mga pag-uusap ukol sa mga nakaraang peace agreements ay ang hindi mismo pagsunod sa kasunduang napag-usapan. Ito ang nangyari sa Tripoli, kung saan hindi natupad ng rehimeng Marcos ang ipinangako nito sa mga Muslim. Tulad lamang ng isang pangkaraniwang batas, kahit gaano pa man kaayos ang pagkakabuo at pagkakaplano dito, wala pa ring mangyayari kung hindi maayos ang pagsasakatuparan nito.

Kung mananatiling "naka-papel" ang Bangsamoro Agreement, kahit na maipasa ito'y wala pa ring mangyayari at walang magagawang aksyon upang maisaayos ang sigalot sa Mindanao.

PANIBAGONG PANGYAYARI

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang mga usapan sa pagitan ng dalawang kampo upang mabuo ang isang kasuduang aayon sa mga binubuo ng Bangsamoro at sa Konstitusyon ng bansa.

Nito lamang Pebrero 12, 2013, inilunsad ang Sajahatra Bangsamoro sa pamumuno ni Pangulong Aquino at Al Haj Murad Ebrahim ng MILF sa Bangsamoro Leadership and Management Institute (BLMI) sa Sultan Kudarat. Naglalayon itong itaas ang estado ng edukasyon, kalusugan at pang-ekonomikong programa para sa mga komunidad sa Mindanao, lalong-lalo na ang para sa mga katutubo. Noong sumunod na araw ay nilagdaan ng pangulo ang Administrative Order No. 37 na bumuo sa Task Force on Bangsamoro Development upang pamunuan ang Sajahatra Bangsamoro at tumulong sa Transition Committee para sa Bangsamoro. Ito'y pamumunuan ng kalihim ng Gabinete Rene Almendras.

Ngunit kasabay namang sumiklab nito ang mga pangyayari sa Sabah sa pagitan ng Malaysia at ni Sultan Jamalul Kiram. Ayon sa isang panayam ng GMA News kay Almendras, hindi naman nito maapektuhan ang kasalukuyang proseso ng kasunduan.

KAPAYAPAAN AT HUSTISYA

Sa harap ng maraming pagbatikos at mga bagong kaguluhan, dapat ay panatilihing totoo ang adhikain ng peace agreement upang mabuo ang kapayapaan sa pagitan ng cetral government ng mga taga-Mindanao. Ayon kay La Viña sa kanyang artikulong "Implementing the Bangsamoro Agreement", ang pinaka-epektibong solusyon upang maayos ang kaguluhan sa Mindanao ay kung mananatili at magsilbing intrumento ng hustisya at kapayapaan ang mabubuong kasunduan. ▯

**Isinalin mula sa mga siping nasa ingles*

ISANG PRIMER SA
BANGSAMORO FRAMEWORK AGREEMENT

ni Shannon Leigh Azares

Bangsamoro ang tawag sa mga nakatira sa Mindanao, Sulu Archipelago, at Palawan mula pa noong panahon ng pananakop. Ito rin ang tawag sa bagong kasunduang nilagdaan nong ika-15 ng Oktubre 2012; Ang Bangsamoro Framework Agreement ang napagkasunduang tugon ng gobyerno ng Filipinas at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa kahirapan at katiwaliang laganap sa Mindanao. Ayon sa kasunduang ito, papalitan ng Bangsamoro ang Autonomous Region of Muslim Mindanao. Layunin din nitong protektahan ang mga karapatan nila at bigyan ng katarungan ang mga tao maging ano pa man ang kanilang relihiyon. Magtatag din ng isang Fiscal Policy Board at ng intergovernmental sustainable development body upang mamagitan sa pakikipagsamahan ng Bangsamoro sa Central Government.

Sa Framework Agreement (FA) na ito, magkakaroon ng kasarinlan ang mga Bangsamoro sa kanilang sariling pamumuno. May kapangyarihan silang lumikha ng panggagalingan ng kikitain at magpataw ng buwis. Ngunit mananatiling may kapangyarihan ang Central Government sa lahat ng may kinalaman sa defense and external security, foreign policy, coinage and monetary policy, citizenship and naturalization, at postal service.

Sa pamamagitan ng maayos at nakabalangkas na pagbabago, nilalayon ng Bangsamoro Framework Agreement na iahon ang Mindanao mula sa matagal na nitong paghihikahos at pagdurusang idinulot ng katiwalian.

ROAD MAP

Matapos lagdaan ang FA, kailangang maglabas ang Pangulo ng ExecutivOrder (EO) upang mabuo ang Transition Commission (TC) na siyang mangangasiwa sa pagsasaayos ng bagong autonomous political entity. Ayon sa EO 120 na inilabas ng Pangulo noong ika-18 ng Disyembre 2012, 15 tao ang papangalanan upang maging kasapi ng komisyon. Dapat na nagmula sa Bangsamoro at nagmula sa parehong lugar ang lahat ng kasapi ng komisyon. Maaari rin silang magmungkahi sa Kongreso upang mas mapabilis ang proseso. Pinangalanan na ni Pangulong Noynoy Aquino ang labinlimang kandidato noong ika-25 ng Pebrero 2013.

Kasunod ng pagtatatag ng TC, kinakailangang ipasa ng Kongreso ang mga resolusyong sumusuporta sa FA. Naganap ito noong ika-20 ng Disyembre 2012, dalawang araw matapos ilabas ang EO. Sa kasalukuyan, maaari nang isulong ang Bangsamoro dahil buo na ang Transition Commission na siyang pamumunuan ng punong negosyador ng MILF peace panel na si Mohagher Iqbal (Nasa hakbang pa lamang na ito ang Bangsamoro).

Pangunahing tungkulin ng TC ang pagdidibuho ng Bangsamoro Basic Law na siyang magbibigay balangkas sa FA. Tinatakda ng Basic Law ang relasyon sa pagitan ng local government units (LGUs) at ng Bangsamoro at Central Government. Sinisigurado rin nitong tunay at ganap na para sa lahat ang insitusyong pangkatarungan. Matapos suriin ng TC ang Bangsamoro Basic Law, saka lamang nila maaaring ipasa ito sa Kongreso.

Kung itakda ng Pangulo na kailangang umaksyon ang Kongreso sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng pagbansag sa panukalang batas bilang "urgent", mapapasailalim sa madalian ngunit matinding pagsusuri ang Bangsamoro Basic Law Bill. Kailangang maisaalang-alang ang lahat ng mungkahi ukol dito. Sa oras na matapos ang pagsusuri, isusumite ang Bangsamoro Basic Law Bill sa Pangulo upang lagdaan at gawin itong batas.

Upang mapagtibay ang batas, kinakailangang magkaroon ng plebisito kung saan boboto ang kabuuan ng ARMM, lahat ng lungsod sa Cotabato at Isabela, anim na bayan sa Lanao Del Norte, at lahat ng barangay sa ilalim ng anim na munisipyo sa North Cotabato kung nais nilang makisama sa Bangsamoro. Isasagawa ito upang malaman ang tinaguriang geographical scope ng Bangsamoro na siyang ilalabas matapos ang plebisito. Sa pagpapatibay ng Bangsamoro, mabubuo ang Bangsamoro Transition Authority at bubuwagin ang ARMM. Ang Bangsamoro Transition Authority ang siyang panandaliang mamumuno mula sa katapusan ng plebisito hanggang sa eleksyon sa taong 2016 kung kailan magkakaroon ng eleksiyon para sa bagong Bangsamoro Government.

Magiging isang ministerial government ang Bangsamoro upang pahintulutan ang MILF at iba pang pulitikal na grupong makibahagi sa eleksyon at makamit ang kapangyarihan sa isang maayos at demokratikong paraan. Samakatuwid ganito ang kalalabasan ng uri ng gobyernong ito: iboboto ng mamamayan ang kani-kanilang partido pulitikal at ang mananalong partido ang uupo sa Kamara at ang magtatakda kung sino ang mamumuno sa Bangsamoro.

Mga Sanggunian:
www.gov.ph/the-2012-framework-agreement-on-the-bangsamoro/
http://www.philstar.com/psn-balita-ngayon/2012/12/18/887476/eo-para-sa-bangsamoro-transition-body-inilabas-ni-pnoy
http://www.gmanetwork.com/news/story/278325/news/nation/road-map-for-peace-highlights-of-the-bangsamoro-framework-agreement
http://www.mindanews.com/peace-process/2012/12/20/senate-house-pass-resolutions-supporting-eo-on-bangsamoro-transition-commission/
http://www.interaksyon.com/article/55818/aquino-appoints-15-members-of-transition-body-to-draft-bangsamoro-basic-law
http://www.bworldonline.com/content.php?section=Nation&title=Composition-of-transition-authority-would-be-determined-by-Bangsamoro-basic-law-&id=66638
http://www.sunstar.com.ph/manila/local-news/2013/02/25/transition-body-draft-bangsamoro-law-now-operational-270025

PALAKASAN *sa* PALAKASAN?

nina Den Noble, Ria Arante at Leslie Mendoza
sining ni Dyan Francisco

Pondo at kasikatan ng isport ba ang batayan ng pagiging isang tunay na atletang Atenista?

Kung ang larangan ng palakasan ang pag-uusapan, wala na sigurong higit na pinagkakaguluhan kaysa basketbol . Marami ang kumikilala rito bilang isa sa pinakapopular na isport sa buong mundo at maging ang mga manlalaro ng sikat na liga na National Basketball Association o NBA sa Estados Unidos, tanyag din. Mula sa telebisyon, internet, at computer games hanggang sa mga kalakal tulad ng tuwalya, medyas, sapatos at kung ano pa, hindi paaawat ang tatak ng laro sa napakarami nitong tagasubaybay.

Dito sa Filipinas, nakasanayan nang abangan ang tagisan ng sarili nating mga liga. Hindi pinalalampas ang aksiyong dala ng mga manlalaro ng Philippine Basketball Association o PBA sa court at maging ang mga paligsahan sa Asya at sa ibang bansa. Mula nang maipakilala ang isport sa atin noong 1898, napukaw ang interes ng ating mga ninuno sa laro kaya dalawang beses na nasungkit ng bansa noong dekada singkwenta ang gintong medalya para sa nasabing isport nang sila'y sumali sa Asian Games noong 1954 at 1958. Nagsilbi itong patunay na ang Filipino, hindi lamang mahilig sa basketball; taglay rin niya ang husay upang mamayani sa court.

Sa usapin ng kahusayan ng Filipino hindi lamang sa basketbol kundi sa iba na ring larong pampalakasan, hindi na kailangang lumayo ang tingin, lalo na ang mga Atenista. Sa katatapos lamang na season ng University Athletics Association of the Philippines (UAAP), nagwagi ang sarili nating Men's Basketball Team ng ikalima nilang magkakasunod na kampeonato. Nagpakita ng gilas ang mga manlalaro ng pamantasan at napatunayan ng kanilang grupo na isang malaking taon ang 2012 para sa mga naturang manlalaro ng basketbol sa Ateneo.

Ngunit hindi lamang ito ang dahilan kung bakit naiiba ang 2012, bilang sa parehong panahon ding ito napag-desisyonan ni G. Manuel V. Pangilinan, o mas kilala bilang MVP na wakasan ang pagsuporta niya sa lahat ng programa ng basketbol sa Ateneo sa pagtatapos ng kasalukuyang season ng UAAP. Dahil dito, minabuti ng pamunuan ng pamantasan na gumawa ng hakbang upang mapondohan pa rin ang koponan, at noong ika-16 ng Oktubre 2012, itinatag ni P. Jett Villarin, SJ at ibang namumuno sa unibersidad, ang Basketball Endowment Fund (BEF).

Subalit sa hindi inaasahang pagkakataon, nagbalik si MVP noong Nobyembre upang suportahan muli ang naturang koponan. Naging Sports Endowment Fund (SEF) ang BEF. Ano-ano ang implikasyon ng mga hakbang na isinagawa ng pamantasan sa pangangalaga nila sa mga atleta ng unibersidad, partikular sa mga basketbolista? Ano-ano ang pagbabagong mararanasan ng ibang koponan ng isports dulot ng SEF?

PONDO PARA SAAN, MULA SAAN?

Sa isang memo na ipinadala ni Padre Villarin sa buong komunidad, itinatag

ang pondo "upang masustentuhan ang operasyon at pagpapabuti sa mga programang pambasketbol ng Men's, Women's and Juniors. Sa ganitong paraan, hindi na kinakailangang kumuha ng pondo mula sa revenue streams ng University Athletics Office (UAO) upang suportahan ang basketball." *

Kabilang sa proyektong ito ang pagtatalaga ng mga mangangasiwa sa magiging gastusin, paglalaan ng pera para sa ispesipikong aspekto ng mga programa, at pag-oorganisa ng marketing at promotions campaigns ng mga koponan, at siyang pamamahalaan ni Padre Nemesio Que, SJ, Panglawang Pangulo para sa Administrasyon (VP for Activities).

Ayon kay G. Misael Perez ng UAO at coach ng track-and-field, magmumula ang pondong gagamitin sa alumni ng paaralan. Aniya, "Istratehiya ng pamantasan ang Basketball Endowment Fund upang panatilihin ang suportang pampinansiyal sa basketball programs."

Nang tanungin kung anong epekto ang dala ng pag-alis ni MVP sa programa para sa mga atleta, kinumpirma ni Perez na malaking pagbabago ito para sa mga programa ng basketbol, ngunit wala namang epekto sa ibang varsity teams ng pamantasan. Ayon kay Perez, nagbibigay ng suportang pampinansiyal ang UAO sa tinatayang 25 o higit pang varsity teams ng Ateneo. Bukod pa rito, sinasanay ng naturang opisina ang kanilang mga manlalaro na gumawa ng kani-kanilang paraan upang makalikom pa ng pandagdag sa pondong galing sa opisina, isang bagay na buong pagmamalaking ibinahagi ni Perez.

Pinatotohanan ito ni Henry Nelson Mejia, kasapi ng Men's Swimming Team. "Noong isang taon, nagbenta ang buong team ng cupcakes upang makapag-ipon ng pondo. Libo-libong piso kasi ang halaga ng kagamitan namin sa swimming. Marahil ganoon din sa ibang koponan."

BASKETBALL... AT IBA PA?

Nagwagi ang Men's Swimming Team sa UAAP, habang nasungkit naman ng Junior Swimming Team ang ikawalo nilang panalo ngunit mas maugong pa rin ang pagkamit ng 5-peat ng Men's Basketball Team sa tagumpay ng Ateneo sa UAAP. Kung titingnan ang sitwasyong ito, maaari nga bang sabihing hindi sapat o patas ang suportang ibinibigay ng paaralan sa iba nitong mga koponan?

Agad namang ipinaliwanag ni Mejia na bagama't may pagkakaiba sa pagkilala ng dinalang karangalan ng swimming team sa basketball team, masasabi niya pa ring sapat ang suportang ibinibigay ng Ateneo sa mga koponan. Naniniwala si Mejia pantay ang ibinibigay na suporta ng pamantasan sa mga team, na siyang sinang-ayunan ni Perez.

Ang malaking pagkakaiba lamang ay dala ng pagkakaroon ng malalaking pangalan sa basketball team, na siyang nakadaragdag sa atensiyon at pondong natatanggap ng kanilang grupo. Nagbunga ang agwat sa pagitan ng basketball at ibang larong pampalakasan mula na rin sa kultura nating likas na mahilig sa larong basketball.

Dagdag pa ni Perez, hindi naman kailangan ng ibang varsity teams ang boosters tulad nang sa basketball teams. Aniya, higit na malaki ang entabladong ginagalawan ng mga manlalaro ng basketball. Inaantabayanan ang laro saan mang panig ng bansa. "Ibang antas ang pinaglalaruan ng basketball teams, e. Nakatuon ang media sa kanila. Sikat talaga kasi ang isport na basketball. Sa teams tulad ng football o track-and-field, hindi kinakailangan ng boosters para mapondohan kami. Hindi naman kasi kailangan iyon para sa amin dahil iba rin naman ang playing field namin."

Pinatotohanan naman ni G. Alexander "Sandy" Arespacochaga, assistant head coach ng Men's Basketball Team, ang kaibahan ng basketball program at mga atleta nito, at ipinaliwanag kung paano nakatutulong ang pondo sa kanila. Hindi ipinagkaila ni Arespacochaga na malaking tulong ang naibibigay ng dagdag na pondo sa basketball team. Isinalaysay ni Arespacochaga ang taunang pagdalo ng team sa isang training camp na ginaganap sa Las Vegas upang lalo pang malinang ang kanilang galing sa paglalaro. Inilahad din ni Arespacochaga ang sunod-sunod na paghahanda ng team, kahit katatapos pa lamang ng UAAP season.

Ani Arespacochaga, "After the UAAP finals, may exam kayo. Tapos noon, kaunting pahinga tapos training na tapos bumiyahe na agad sila sa Bacolod University Games. So medyo marami talagang dapat gawin katulad ngayon pahinga ulit tapos susunod na linggo magpapractice na kami, maghahanda para sa Philippine Collegiate [Champions League] kaya medyo whole year round talaga yung operasyon ng men's basketball program, kaya't medyo komplikado at malaking tulong talaga kung may pondo para sa pagpapatakbo ng team natin."

Nang tanungin kung mas mainam ang pagkakaroon ng pondo para sa lahat ng koponan ng palakasan, inihayag ni Coach Sandy na "sana maraming maibigay na kontribusyon para sa iba't-ibang isports ng Ateneo. 'Yon ang pinakamagandang mangyari."

SEF: TULONG O TIRA-TIRA?

Tila naisakatuparan na ang pagpopondo sa lahat ng athletic teams ng pamantasan sa pagtatatag naman ng SEF o Sports Endowment Fund, kasabay ng pagkakaayos ng Ateneo at ni MVP, noong Nobyembre 26, 2012. Hindi na itinuloy ang BEF ngunit ginawa itong SEF. Ayon sa pahayag ni

"MEDYO WHOLE YEAR ROUND TALAGA YUNG OPERASYON NG MEN'S BASKETBALL PROGRAM, KAYA'T MEDYO KOMPLIKADO AT MALAKING TULONG TALAGA KUNG MAY PONDO PARA SA PAGPAPATAKBO NG TEAM NATIN."

Alexander Arespacochaga, assistant head coach ng Men's Basketball Team

P. Villarin, "I have decided to expand the scope and mission of this Fund to include all athletic programs beyond basketball as we believe in the wisdom of the SEF being the umbrella capital fund which will sustain our athletes and sports programs for the long term." Si Padre Que ang siya pa ring mamamahala nito, at ang mga donasyon mula sa alumni na una nang nakalap para sa Basketball Endowment Fund ang magiging pondo ng SEF.

Ayon kay P. Villarin, "I am hopeful that everyone in the Ateneo community will give their wholehearted support to this enlarged SEF. In fact, I am heartened by the response we have received thus far in the form of pledges and donations, and I know I can count on all of you to remain committed to building this Fund, and supporting our beloved alma mater. MVP and the MVP Sports Foundation have agreed to infuse this Fund with a significant donation."

Mukhang maganda ang kinalabasan ng mga pangyayari dahil naging pabor naman sa lahat ang resulta ng pagkakaayos ng dalawang kampo. Ngunit bakit nga ba kung kailan napag-isipang itatag ang Basketball Endowment Fund saka napagpasyahang ihalili rito ang Sports Endowment Fund? Bakit noong nagbibigay ng suporta si MVP sa mga koponan ng basketball, hindi naman naisipang gawan ng Sports Endowment Fund ang lahat ng athletic teams bukod sa basketball?

Sinubukan ng Matanglawin na makapanayam si Fr. Nemesio Que, subalit hanggang ngayon ay hindi pa siya nagpapadala ng sagot sa mga manunulat. Napakaraming tanong ang naglabasan dulot ng mga pangyayari nitong nakalipas lamang na dalawang buwan.

ANG TUNAY NA ATLETANG ATENISTA

Sa mga tanong na bumabalot sa mga isyung ito, dalawa sa pinakamatimbang ang, "Ano nga ba ang kahulugan ng pagiging isang atletang Atenista? Natatapos ba ito sa kasikatan at katanyagan ng isport at mga manlalaro?"

Ani Perez, "Isa siyang student-athlete. Bawat manlalarong mag-aaral (ng Ateneo) na nababalanse ang acads at varsity ay maituturing na Atletang Atenista. Naglalaro siya para sa paaralan, pero hindi niya nalilimutang pumasok siya rito upang mag-aral."

Samakatwid, ang lahat ng mga manlalaro ng tinatayang humigit-kumulang 25 sports teams ng Ateneo ay mga sertipikadong atletang Atenista, na kumikilala at kinikilala sa palakasan at paaralan. Sa pagkakatatag ng Sports Endowment Fund, sana'y lubos na makinabang ang lahat ng mga atletang nagpapakapagod para mabigyang karangalan ang Ateneo.

Kasabay nito, sana'y magbago rin ang nosyon ng karamihan, at marahil ng pamantasan din mismo, na ang basketball players ang pangunahing mga atletang Atenista. Sa palakasan, lahat ng manlalaro ay may kani-kaniyang larangan, sipag, at pagpupursiging pinapakita. Iba-iba lang nga talaga ang larangan na kanilang kinagagalawan, kaya nabubuo ang kaisipang pinaka-ipinagbubunyi ang larong basketball at mga manlalaro nito.

Sa huli, pare-parehong mga atletang Atenista ang mga manlalaro ng lahat ng varsity teams ng pamantasan, na ngayon ay sinusuportahan na ng unibersidad sa paraang inaakala nilang tama lamang para sa bawat isa.

Atenista, ano sa tingin mo?



IBANG ANTAS ANG PINAGLALARUAN NG BASKETBALL TEAMS, E. NAKATUON ANG MEDIA SA KANILA. SIKAT TALAGA KASI ANG ISPORT NA BASKETBALL. SA TEAMS TULAD NG FOOTBALL O TRACK-AND-FIELD, HINDI KINAKAILANGAN NG BOOSTERS PARA MAPONDOHAN KAMI. HINDI NAMAN KASI KAILANGAN IYON PARA SA AMIN DAHIL IBA RIN NAMAN ANG PLAYING FIELD NAMIN.

Misael Perez,
UAO at coach ng track-and-field

PAGKILING PAGSALUNGAT



nina Allison Lagarde at Toph Doncillo
sining ni Precious Baltazar
lapat ni Jami Cudala

Pinipili mo ba ang mga pinaniniwalaan mo?

Nitong Hulyo 27, sa ika-25 anibersaryo ng programang pangbalita na TV Patrol, binatikos ni Pangulong Noynoy Aquino ang lokal na media dahil sa itinuturing niyang matinding pagkiling nito sa mga negatibong balita na ipinapalabas sa telebisyon.

"Kung gabi-gabing bad news ang hapunan ni Juan dela Cruz, talaga namang mangangayayat ang puso't isip niya sa kawalan ng pag-asa." Nagpatuloy pa sa mga birada ang Pangulo. "Ilang turista kaya kada buwan ang nagka-cancel ng bakasyon dahil sa araw-araw na negatibismo? Ilan kayang kababayan ang nawawalan ng pagkakataong magkaroon ng kabuhayan dahil sa bad news?"

Sa pagpapatuloy ng kaniyang talumpati, inihayag niya ang kaniyang pagkadismaya sa media sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng isang insidente: ang pagsasalba ng NBI sa isang nakidnap na bata. Ayon sa kaniya, sa halip na purihin ang matagumpay na pagtugon ng awtoridad, ipinalalabas ng mamamahayag na set-up lamang ang nasabing rescue operation at binayaran lamang ang ransom.

"Ang akin lang po," dagdag ni Aquino, "ang pagkiling sa negatibismo ay mag-aatras lamang sa dapat sana'y pag-usad na ng ating bayan at mga kapuwa Pilipino."

Ito ang mukha ng pagkiling ng tinatawag na mainstream media sa ilang uri

ng pagbabalita, iilang uri ng paniniwala at tradisyong nakikita sa ating kultura. – media nuances ika nga. Bakit walang masyadong maiitim na artista? Bakit mas madalas itampok ang balitang patungkol sa Katolisismo kaysa ibang relihiyon sa Pilipinas? Bakit hindi masyadong binibigyan ng pansin ang magagandang balita?

Para kay Jaime Manuel Flores, isang propesor sa Kagawaran ng Edukasyon ng Pamantasang Ateneo de Manila, matatawag na isang pagkiling sa mga diskurso ang media nuances. "Ang media nuances ay isang kultural na pagkiling sa mga dominanteng ideya na matatagpuan sa lipunan."

MGA IDEYA SA LIKOD NG MEDIA NUANCES

"Sa social psychology kasi, 'yong isang cognitive function talaga natin is to categorize. Natural sa atin ang magkategorya ng o ilagay sa kategorya 'yong mga bagay o mga taong nasa paligid natin. It's a cognitive function kumbaga, para maintindihan natin, maproseso natin yung impormasyon tungkol doon sa mga nakikita natin sa paligid natin," ang pahayag ni Judith de Guzman, isang propesor ng Kagawaran ng Sikolohiya ng Ateneo.

Nakapagtatalaga ng tinatawag na cognitive economy ang pagkakategorya ng mga tao, mga bagay o ng mga isyu, nang mas mapagaan ang siyang cognitive load na hinihingi mula sa atin araw-araw. Mula rito, maaaring sabihin na normal lamang ang pagkakategorya na siyang hindi napapansin ng tao sapagkat ito'y bahagi na ng kanyang buhay.

Sa kabilang dako naman, ang pagkakaroon ng nuances sa media ay dahil din sa pagpili ng tao ng mga bagay na tinataya niyang subok at nakasanayan na. Mahihinuha mula rito na ang pagkakategorya ng mga tao at ng mga bagay na pinalalabas sa media ay nagbibigay ng pag-unawa sa sarili bilang kasapi ng isang uri, at sa indibidwalistikong pag-iisip bilang bunga ng tradisyunal na paniniwala.

"Ang tao ay napakatuwid mag-isip at lagi't laging pipiliin ang mga bagay na tama ngunit hindi tayo ganoon sapagkat wala sa ating kamay ang kakayahan na makalikom ng lahat ng impormasyon ng buong mundo. Mula dito, may ugali ang tao na piliin ang puwede na o kung ano ang pamilyar," paliwanag ni Patrick Lorenzo, isa ring propesor sa Kagawaran ng Sikolohiya sa Ateneo. Samakatwid, sa pagkakaroon ng pananatili sa kung ano ang pamilyar, nababawasan ang mga bagay na kinakailangang pag-isipan, at bunga nito ang paggaan ng cognitive load.

NAKABUBUTI BA O NAKASASAMA?

Ayon kay de Guzman, nakabubuti ang pagpapagaang ito ng cognitive load sapagkat nababawasan ang hinihingi mula sa pag-iisip ng tao, ngunit mas binibigyan niya ng diin ang mga negatibong naidudulot nito sapagkat unti-unting nawawala ang kritika ng pag-iisip at mukhang nadidiktahan na rin ang mga tao sa kung ano ang dapat, batay sa isinusulong ng media.

"Nagkakaroon ng problema sa pagiging tiyak noong impormasyon na nakukuha natin. Nagiging problematiko rin na ang isang tao ay ang nagiging batayan natin sa pakikitungo natin sa tao dahil ang tao ay hindi natin puwedeng mailagay sa iisang kategorya," paliwanag ni de Guzman. Ayon sa kaniya, kahit alam na nating normal ito ay kailangan pa ring maging mulat na may mga hindi maganda ukol sa ganitong paggalaw ng isip ng tao.

Hindi maikakaila na mahalaga sa media ang pagpapalim ng pag-unawa sa balita. Dahil dito, pinipili ng media na maglabas ng mas maraming impormasyon sa pagtatangkang lalong pag-isipin ang kaniyang mga manonood, mambabasa, at tagapakinig. "Pero minsan, mali iyong mga impormasyon upang palalimin ang pag-unawa tungkol sa isyu," ani de Guzman.

Mabuti ang intensyon ng pagtatangkang ito, bagama't hindi laging napakikinabangan. Kung tutuusin, kahit mali ang impormasyon, nahahamon pa rin nitong maging mulat ang tao, ngunit nananatili siya sa kung ano ang nakasanayan niyang gawin: ang maghintay lamang na buuin ng media para sa kaniya ang kwento.

Bukod sa pagpuna sa kakulangan ng kritika ng mga sumusubaybay sa media, isang nagiging bunga rin ng laganap na nuances at pagkakategorya sa media ang pagkakaroon ng stereotypes, ang lantarang pagpapangkat na wari'y casting sa isang palabas.

Mga stereotypes ng taga-stereotype
Dahil nga nabanggit na rin ang palabas, magandang tingnan ang mga telenobelang pinanonood at inaabangan ng marami araw at gabi. Maging ang mga balitang pinanonood, maihahalintulad sa teleserye.

Isang makapangyarihang instrumento ang telenobela upang uriin ang tao at bigyang-diin ang nakagisnang kaugalian. Halos magkakatulad lang ang kwento ng mga telenobela, ang nagsisiganap lamang ang nag-iiba. Ganoon din ang mga balitang kinokober at ineere sa radyo at telebisyon. Halos paulit-ulit; iba lamang ang pangalan at tagpuan. Ilan sa mga temang nakikita natin sa media ang relihiyon at social status.

Relihiyon, bilang ayon kay Flores, may bahid pa rin ng pagkiling sa Kristiyanismo sa media sapagkat ito ang doktrina na sinusunod ng lahat, lalo na ng mga palabas sa telebisyon.

"Hindi naman ito problema sapagkat gusto lamang nito maihayag at maipakita ang mga basic values tulad ng pagmamahal sa pamilya, pagpapahalaga sa ibang tao at iba," aniya. "Ngunit nagiging problema ito kung ito ay lumalabas bilang kaisa-isa at katanggap-tanggap na pananamapalataya."

Mapapansin sa mga telenobela ang pagiging dedaktiko nito na lalo lamang nagpapatingkad sa pagiging Kristiyano o Katoliko ng halos lahat ng Filipino. Tila ginagamit ang ganitong stereotype upang mapalaganap at mas pagtibayin ang paniniwala rito, isang paraan ng pag-iimpluwensiya na siyang umaapela sa paniniwala ng tao.

Ayon kay Lorenzo, "Kung alam mo ang wika nila, alam mo ang pinaniniwalaan nila, kaya mo silang impluwensiyahan. Tulad na lamang ng mga Filipino, kung gusto mo sila maimpluwensiyahan, you always frame it in terms of family at you try not to go against those sacred beliefs."

Hindi rin maipagkakailang mahalaga sa teleserye ang mga tauhan ng bida at kontrabida, sapagkat ang istorya ay umiinog sa paglalaban ng dalawang magkasalungat ang motibo at sitwasyon. Kung mapapan-

sin, laging ipinapakita ang mayaman bilang kontrabida at ang mahirap bilang bida. Muli, patunay ito ng nuances sa social status o kalagayang pang-ekonomiko ng isang indibidwal.

Dahil dito, mas naeengganyong manood ang mga Juan at Juana, ngunit nakukulong sila sa pagiging kuntento sa antas ng kanilang kasalukuyang sitwasyon at mababang antas ng pamumuhay dahil happy ending naman ang babati sa kanila pagkatapos ng lahat.

"Ang problema sa mga ganitong palabas ay nagkakaroon ng notion na ayos lang ang maging mahirap. Hindi ko naman sinasabi na masama ngunit binibigyan nito ang tao ng dahilan upang maging kuntento at tumigil sa paghangad at pagkamit ng mga bagay na mas ikabubuti nila," paliwanag ni Flores. Dahil din sa 'di mamatay-matay na stereotype ng mayaman at mahirap, nakakalimutan ng mga manonood na maaaring maging iba ang eksena sa labas ng itim na kahon. "Maaari tayo maging mahirap na may masamang binabalak at maaari rin naman tayo maging mayaman na may gintuang puso."

KUNG GABI-GABING BAD NEWS ANG HAPUNAN NI JUAN DELA CRUZ, TALAGA NAMANG MANGANGAYAYAT ANG PUSO'T ISIP NIYA SA KAWALAN NG PAG-ASA.

President Noynoy Aquino sa ika-25th anniversary ng TV Patrol

ANG PAPEL NG MEDIA

Kung susuriin ang nuances na nabanggit, mahalagang banggitin ang malaking papel na ginagampanan ng media sa pagbuo ng mga ito.

Ayon kay Flores, naglalaan ng lugar ang media para sa lahat ng may intensiyong makapagpahayag ng ideya at makapagpabago rin ng pananaw at pag-iisip ng tao. "Kasi mayroong espasyo ang media para sa lahat na may intensyong magsaad ng mensahe o magtatag ng kanilang adyenda," aniya.

Nagkakaroon ngayon ng kapangyarihan ang media dahil sa espasyong ito, ngunit maaaring itong makatulong o makapinsala sa kung sino man ang nakatatanggap nito. Paliwanag niya, "May kapangyarihan ang media, parehong para sa kabutihan at para sa kapamahakan."

"Maaari mong gamitin ang media para sa propaganda," dagdag pa ni Flores. "Ngunit, maaari mo namang gamitin ang kapangyarihan ng media upang magdulot ng mga positibong pagbabago sa pag-uugali. Maaari mong gamitin ang media upang itaguyod, halimbawa, ang pangangalaga sa kalikasan, upang magsiwalat ng korupsyon, upang itigil ang mapang-abusong kalakaran sa trabaho."

Bilang espasyo ang media, nagkakaroon ito ng kalayaan na kumiling sa mga nananaig na konsepto sa lipunan. Buhat nito may nagaganap na paghati sa mga nangingibabaw at sa mga hindi napapansin. "Hindi naman siya problema dahil ito naman ang kategoryang kinabibilangan ng mga karamihan ng tao sa bansa," pahayag ni Flores. Nagiging problema lang ang pagkiling sa isang dominanteng diskurso kapag ipinapakita na ito lang ang tanging lehitimong ideyang maaaring piliin ng mga kumukonsumo ng media.

"Nalalagay kaagad sa disbentaha ang ibang pagtingin sa mundo, katulad na lamang ng Protestant o Muslim na paraan ng pagtingin sa mundo," ayon kay Flores.

KAIINGAT KAYO

Isang napakahabang proseso ang pagpapalabas ng mga bagay-bagay sa media. Kung ikaw ay isang manunulat, kailangan maingat ka sa mga isinusulat mo sapagkat ito ang magsasabi kung anong klaseng tao ka pagdating sa mga isyu na kinakaharap.

Napakaimpluwensiyal ng media sapagkat ito na ang naging paraan ng lipunan upang magdikta ng mga patakaran pagdating sa iba't ibang isyu. Hindi man lantad ngunit sinasang-ayunan na lamang ng halos lahat ng tao ngayon ang mga pangyayari at mga pagbabagong ito at hindi maiiwasan ang nuances sa media sapagkat ito nga ay bahagi na ng pag-iisip ng tao. Ito na lamang ay isang normal na proseso na hindi na napapansin ng tao.

Tulad ng nabanggit na, may kakayahan ang media upang makapagdulot ng positibong epekto sa mga pag-uugali ng tao sapagkat ito na rin ang nagiging batayan natin sa pakikitungo sa iba't ibang bagay sa iba't ibang aspekto ng buhay ngunit kapag ito ay nagamit ng mali, nakakapag-udyok ito ng mga negatibong epekto na nakakaresulta naman sa pagkawasak ng kapayapaan sa lipunan.

Isang paraan lamang ang presensya ng stereotypes upang masubukang diktahan ng mga alituntunin ng media ang pag-iisip ng isang indibidwal. Subok na ito at pamilyar sa mga pinaniniwalaan ng tao, kaya't minsa'y hindi na sila nagdadalawang-isip na sumunod.

Bilang miyembro ng media, kinakailangan ang pagiging patas sapagkat tagapaglahad ang mga manunulat ng balita. Totoong apektado pa rin ang mga manunulat ng nuances ng media sapagkat ito ay isang simpleng paraan upang mas lalo pang maunawaan ang ng mga mambabasa ang mga isyu, ngunit hinihiling din na ilahad ang lahat ng panig sa mga isyu na ito.

Ayon kay Flores, "Kung ikaw ay isang manunulat ng balita, kailangan maging patas ka. Kung ayaw mo noon at may gusto kang iparating, gumamit ka ng ibang paraan ngunit huwag mong gagamitin ang mainstream news sapagkat kailangan ang balita, patas."

"Ang tao ay may karapatang maging bias sa mga bagay, sa mga isyu at sa mga tao ngunit bilang news reporter o sino man na nag-aaral ng journalism ay kailangan magpursigeng magtago ng kanilang mga biases," pagpapaalala ni Flores.

Masasabing sina Juan at Juana ay hinahamon ng media na patuloy na magtanong, mag-isip, mabagabag, magmulat, at sumalungat kung kinakailangan. Kinakaharap ng Filipinas ang isang penomenang nagdidikta sa kung ano ang nakikita at naririnig. Juan at Juana, handa ba kayong maiba sa pamantayan ng nakararami, maging ng inyong mga sarili?



FREEDOM OF INFORMATION

ulat ni Shannon Azares, sining ni Chelsea Galvez

Ang Freedom of Information Bill

Kung maitatatag ang Freedom of Information Bill (Senate Bill No. 3138), magiging bukas sa publiko ang lahat ng tala ng mga transaksyong ginagawa ng gobyerno. Nagkakaroon ng tinatawag na transparency kung saan nagiging karapatan ng mamamayan na malaman ang kung anumang pinaggagastusan ng gobyerno. Sa ilalim ng batas, dahil labag sa batas ang itago ang kanilang Statement of Assets, Liabilities and Net Worth (SALN), nakatala at may access ang lahat sa kung saan napupunta ang pera ng bayan, sa pag-asang mas magtitiwala ng mamamayan sa kanilang mga pinuno.

Kasama sa iba pang datos na magiging bukas sa publiko ang mga opisyal na transaksyon at desisyon, pati na rin mga datos na nakuha ng gobyerno sa pananaliksik na ginagamit para sa basehan ng pagbuo ng mga batas at polisiya. Mayroon pa rin namang mga papeles na mananatiling classified (o hindi bukas sa publiko), gaya ng minutes at mga opinyon na nakapaloob dito sa proseso ng pagbuo ng mga batas; mga impormasyon na may "trade secrets" at iba pang komersyal o pinansiyal na datos na maaaring makapahamak. (Maaaring mabasa ang buong listahan ng mga ito sa Seksyon VI ng proposed FOI Bill.)

Bahagi ang FOI Bill sa plano ni Pangulong Noynoy Aquino na ipatupad ang Good Governance at Anti-Corruption Plan para sa taong 2012 hanggang 2016.Sa GGAC Plan ng Pangulo, nilalayon nito

Progres ng Freedo

2009

Setyembre 10, 2009
Nag-anunsyo si Benigno "Noynoy" Aquino III, na noo'y senador, na tatakbo siya sa pagkapresidente sa darating na Mayo 2010 na eleksyon. Kasama sa plataporma niya ang paglaban para sa isang pamamahala na bukas sa katotohanan at naglalayongsugpuin ang korupsyon.

2010

Pebrero 2010
Sa simula ng pangangampanya para sa pagkapresidente, isa sa mga ipinangako ni Aquino ang transparency at citizen participation, na kalaunan ay nabuo at naging Good Governance at Anti-Corruption Plan (GGACP). Ipinangako ni Aquino na magiging prayoridad ang pagpapasa ng isang Freedom of Information bill sa kongreso, na itinuturing niya na isang hakbang papalit sa pagsugpo sa korupsyon.

Enero 2010
Umapela ang "Right to Information! Right Now!" Network sa pamumuno ni Prospero Nograles na gawin ang isa sa dalawang bagay: pangunahan ang kamara na tanggapin ang bersyon ng senado ng batas o ibigay sa mga myembro ng House of Representatives sa isang bicameral conference committe upang pag-agpangin ang dalawang bersyon ng FOI Act.
Binubuo ang Right to Information! Right Now Network ng mga indibidwal na isinusulong ang pambuplikong interes. Nanggagaling ang mga indibidwal na ito mula sa iba't ibang sektor at organisasyon at nagsasama sila upang isulong ang pagpapasa ng FOI.

Mayo 2010
Nagsumamo ang House sa mga nagpo-prosisyon ng bill na huwag munang pagtibayin ang conference committee report matapos ideklara ng Speaker at ng pinuno ng Majority at Minority ang kanilang pagnanais na ipasok na lang ito sa agenda ng House sa ika-31 ng Mayo.

Sampung segundo matapos buksan ni Nograles ang pagpupulong, napagdesisyunan nilang ipagpaliban ang pagpupulong hanggang sa ika-apat ng Hunyo. Winalang-bahala nila ang lahat ng kung anumang dapat sasabihin ng mga tagapagsulong ng FOI.

Hunyo 4, 2010
Nakita natin na isa sa pinakamatatag at mapagkakatiwalaang tagapagsulong ng FOI si Prospero Nograles. Ngunit noong Hunyo 4, 5:07pm, biglang nagbago ang tono at ugali ni Nograles ukol sa FOI. Bago pa man magkaroon ng pagbabago para sa FOI, tinapos ni Nograles ang pagpupulong at ang 14th Congress. Dahil dito, kailangan muli itong i-file sa 15th Congress.

Nobyembre 23, 2010
Sa ilalim ni Eastern Samar Rep. Ben Evardone, sinagawa ang pinaka unang pagdinig sa mga FOI na pinanukala.

ang transparency, accountability at citizen engagement sa kaniyang pamamahala - nasa ilalim ng transparency ang FOI.

Proseso ng pagpapasa ng bill

Dumadaan sa mahabang proseso ang isang bill bago pa man ito maging batas.

Una sa lahat, idina-draft ito ng Reference and Research Bureau at ipinapasa upang mai-file. Babasahin ang pamagat at numero ito pago isumite sa Speaker, na siya namang magbibigay sa nararapat na komite. Pagkatapos suriin ang komite ang bill, sila ang magsasabi kung anong mga amyenda ang kailangang gawin, at iba pang datos na may kinalaman sa isinumiteng bill, o kung kinakailangan pa bang magbigay ng panibagong bill.

Para makapasa sa Second Reading, babasahin ng pangkalahatang kalihim ang kabuoang ulat ng komite, at magkakaroon ng period of sponsorship and debate, period of amendments, at ang pagbobotohan. Kung makapapasa ito sa Second Reading, sasailalim pa ito sa ikatlo at huling pagbasa. Sa puntong ito, hindi na maaaring baguhin ang kung anong nakasulat sa bill. Tatawagin ang bawat miyembro upang ihayag ang kanilang boto - yes, no, o abstain. Kung maaprubahan, ipapasa na ito sa senado, na magbobotohan rin para rito. Sasailalim rin ito sa conference committee, na siyang mag-iisa sa lahat ng opinyon ng bawat miyembro ng mga miyembro ng kongreso.

Estado ng FOI

Matapos ang mahabang pagdidiskusyon, ipapasa ang naisaayos at nasuring bill na pinirmahan ng Senate President at ng Speaker of the House of Representatives, na aprubadong tunay ng Secretary of the Senate at ng Secretary General of the House. Kung maaprubahan ito ng pangulo, aayusin ang mga ito upang maimprenta at maipamahagi ang mga kopya sa implementation agencies. Kung hindi naman, babalik ang bill sa kongreso upang pagbotohan ulit. Kung magkaroon ng 2/3 na gustong paaprubahan ang bill, magiging batas ito.

Kung titingnan ang progreso ng FOI, hanggang period of sponsorship lamang ito, ang unang hakbang sa pagdidiskusyon sa HOR, at nakabinbin pa rin ito para sa second reading sa HOR. Sa kasamaang palad, sa huling sesyon ng kogreso nitong Pebrero bago ang tatlong buwang "break" para bigyang daan ang campaign period, hindi nabanggit ang FOI. Para kay Eastern Samar Rep. Ben Evardone na siyang nagpasa ng FOI bill Disyembre ng nakalipas na taon, maituturing na itong "patay" dahil sa kawalan ng korum sa HOR sa tuwing nakasama sa agenda ang pagdiskusyon para sa FOI. Hindi rin umano nabibigyan ng suporta ni Pangulong Aquino ang panukalang batas na bahagi naman sana ng kanyang GGAC Plan.

...m of Information Bill

2011

Pebrero 13, 2011
"In the absence of any Freedom of Information Law, we have been trying to be transparent to the utmost level possible. We're still fine-tuning exactly how it will be, the details, of this Freedom of Information Bill." - Pangulong Aquino, sa isang panayam ng isang pahayagan

Hulyo 19, 2011
Isang linggo bago ibigay ni Aquino ang kanyang State of the Nation Address, umapela ang mga tagapagsulong ng FOI na tuparin ang kanyang pangako ng aninaw sa gobyerno sa pamamagitan pagsasabatas ng FOI.

Setyembre 29, 2011
Sinabi ng Pangulo na mabuti at marangal ang pagkakaroon ng FOI Act. Ngunit sinabi rin niya na sa bansang ito, madalas na hindi nagagamit ang impormasyon ayon sa mga tamang layunin.

2012

Enero 4, 2012
Communications Group Undersecretary Manolo Quezon III: Pangulo: "Isulong ang FOI!"

Setyembre 2012
House Majority Leader Neptali Gonzales II: Maraming mambabatas ang nagsasabing ayaw nilang ipasa ang FOI. May implikasyon o intensyon na hindi ipapasa ang panukalang batas.
Sa parehong buwan, pinirmahan ni Aquino ang Cybercrime Prevention Act of 2012, na pinuna ng Center for Media Freedom and Responsibility bilang "restrictive rather than expansive," na hindi sumusunod sa landas ng accountability at transparency na ipinangako ng pangulo.

December 11, 2012
Second reading the FOI Bill, inaprubahan ng senado ang kanilang bersyon.

December 17, 2012
Third reading: walang tumutol sa pagaapruba ng SB 3308 na kilala rin bilang "An Act Fortifying The People's Right Of Ownership Over Information Held By The People's Government"
Introduced by Reps. Tañada, Biazon, Teodoro, Nograles, Angara, Casiño & Colmenares,Bello & Bag-ao, Romualdo, Apostol, Del Mar, Castelo and Escudero

2013

February 5, 2013
Tinapos ang pagpupulong, walang pagbabanggit ukol sa FOI Bill.

MGA SANGGUNIAN

•Senate of the Philippines, House Bill 1112, House Bill 3308
•http://ifoi.ph/list/news
•http://www.gov.ph/foi/
•http://afrim.org.ph/foi.php
•http://www.congress.gov.ph/legisinfo/
•http://opinion.inquirer.net/46923/foi-bill-lost-because-it-lacked-aquinos-support
•http://opinion.inquirer.net/47241/who-framed-and-who-killed-the-foi-bill
•http://newsinfo.inquirer.net/353829/house-goes-on-recess-without-tackling-foi-bill

H A L I G I

ni Kevin Solis
kuha ni Natassia Austria

Panahon na namang muli
para magbalik-tanaw sa taon,
upang galugarin ang hindi at ang nagawa
upang mag-isip kung tutuloy pa o titigil na

Tumawid tayo sa lagusan
ng paglunok at pagtanggap
ng araling malilimutan
paglabas ng lagusan

mainit ang sikat ng liwanag
na sasalubong at yayakap,
simula ng paghamon sa panibagong bukas

Tumindig ka, bayaning sugatan
tapos na ang pakikipaglaban,

nagkikindatang mga ilaw,
hiyaw at palakpak sa'yo'y naghihintay

Nilulon mo ang hamon
at iniluwa ang giting
marangal mong bantayog siyang aalalahanin.

Iiwan mo ang nakaraan
magsisimula't sasambit,
"kaya ko pa." Iiwan mo ang nakaraan
magsisimula't sasambit,
"kaya ko pa."

MATA SA BALA BALA SA MATA

Ang simulain at patuloy na paglago ng terorismo sa Filipinas

ni Juan Paolo P. Bañadera
sining ni Jeffrey Agustin



Hindi na bago sa atin ang balita ng sagupaan ng puwersang militar at mga armadong grupo sa katimugan, partikular na ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) at ang Abu Sayyaf na siyang responsable sa pagdakip sa mag-asawang misyonaryong sina Gracia at Martin Burnham sa Dos Palmas noong 2001, kaya't may iilang madalas makaligtaan ang ganitong mga pangyayari na pati ang mga taong nasa kapangyariha'y hindi na rin ito nabibigyan ng kaukulang pansin. Mga kongkretong plano para sa usaping pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at mga rebelde – nakatengga na lamang.

Kamakailan lamang pinirmahan ng Pangulong Aquino ang dokumento ukol sa Bangsamoro Peace Process, sa pag-asang ito ang tunay na magsisimula sa pag-ibsa ng kaguluhan sa Mindanao. Ngunit maiging mapag-aralan kung ano ang kahahantungan ng mga nasabing rebeldeng hanap lamang ay kasarinlan. Mahanap kaya ang pag-asa ng kapayapaan para sa mga kababayan natin sa Mindanao?

PAGLAGO NG TERORISMO

Setyembre 11, 2001 – ginising ng pagbagsak ng World Trade Center sa Amerika ang mundo sa realidad ng terorismo at ang peligro nito sa seguridad at kapayapaan ng bawat bansa. Sa takot at pangambang idinulot ng mga pangyayaring sumunod sa tinaguriang "9/11," maraming bansa kasama na ang Filipinas ang nakiisa sa inilunsad na giyera ng Amerika laban sa terorismong tinawag nilang "War on Terror."

Sa librong "Seeds of Terror" (2003) ng mamamahayag na si Maria A. Ressa, inilahad niya na lingid sa kaalaman ng pandaigdigang komunidad, malaki ang naging papel ng Filipinas sa naging paglago at pagtagumpay ng terorismo. Taong 1994 nang nadiskubre ni Colonel Rodolfo Mendoza, isang Filipinong imbestigador, ang nangyayaring pag-usbong ng terorismo sa bansa. Ayon sa 175 pahinang ulat ni Mendoza, may naitalang mahigit 100 na notoryoso at internasyonal na terorista na labas-pasok sa bansa sa mga taong 1991-1994. Dagdag niya, kasabay nito, dumami rin ang mga institusyong nagtuturo ng radikal na pag-iisip ng jihad sa Pilipinas.

Isinulat din ni Ressa na isang pandaigdigang organisasyon ang maituturing na puno't dulo ng pagtaas ng teroristang aktibidad: ang al-Qaeda.

Itinuturing na nagsimula ang terorismo sa Filipinas noong 1991 sa ilalim ni Abdurajak Janjalani, na siyang narekluta ni Mohammed Jamal Khalifa, kapatid ni Osama bin Laden, upang maging kaanib. Sa malalim na pananaliksik ni Ressa, pinag-aral umano si Janjalani ni Abdul Rasul Sayyaf, kilalang guro ni bin Laden at pamosong lider at tagapagtaguyod ng "Afghan Islamic movement." Kay Abdul Rasul Sayyaf galing ang pangalan ng grupo ngayon ni Janjalani na Abu Sayyaf.

Ayon pa sa ulat ni Mendoza, ang patuloy na pakikipag-ugnayan ng grupo ni Janjalani sa al-Qaeda, at pagsasanay sa armadong pakikibaka ng kanyang mga tauhan ay siyang itinuturong bahagi ng mga maka-teroristang aktibidad noong 1991 hanggang 1994.

Nagpatuloy pa ang kolaborasyong ito hanggang 2001, kung saan may 20 na miyembro ng Abu Sayyaf ang sinasabing nagtapos sa klase sa isang kampong nagngangalang Mazar-e-Sharif. Kapalit daw nito ang pinansyal na suporta ng Abu Sayyaf kay bin Laden, na nagkakahalaga ng humigit-kumulang $3-milyon na tinanggap Marso 2000.



on. Ayon pa sa mga pagsasaliksik ni Ressa, pinahintulutan pa umano ng gobyerno ng Filipinas na magbayad ang pamilya ng mga banyagang biktima ng ransom upang sila'y mapalaya bagaman ito'y laban sa kanilang patakaran.

Kumikita rin ang mga nasabing mga teroristang mga organisasyon sa pamamagitan ng pangangalap ng pera mula sa media. Sa pag-aaral ni Ressa, nangolekta ang mga organisasyon tulad ng Abu Sayyaf sa mga mamamahayag na nais makapanayam o maikot ang mga kampo nila. Umaabot sa halagang $500 hanggang $1000 bawat bisita kung nais nilang maikot at makapanayam ang mga miyembro ng grupo, ngunit maaari pa itong magbago; mayroong mga pagkakataon na hindi na pinapabayad ang mga Filipinong tagapag-ulat, samantalang inaabot naman ng $10,000 kung diplomatiko o inaakalang mayaman ang bisita. Posible ring hingiin ang damit at iba pang kagamitan mula sa mga pumupunta roon bilang kapalit kung walang dalang pambayad ang mga ito.

Sa kasamaang palad, hindi pa rin maiiwasan na maki-kidnap ang mga ito kahit may pauna nang kabayaran, at mapapalaya lamang kapalit ng karagdagan at labis na milyon-milyong dolyar.

Natuklasan din ni Ressa na ang halagang nakukuha ng mga armadong grupo ay nasabing naipamamahagi sa iba't ibang parte ng komunidad. Maaari ring mabigyan ng hati ang isang gobernador o sinumang opisyal na nakatulong sa pamamagitan. Sa komunidad tulad nito, nagiging isang malaking negosyo na ang pagrerebelyon.

ANG SOLUSYON AT ANG SULIRANIN

Ngunit sa kabila ng kalubhaan ng sitwasyong ito, may kakayanan naman umano ang militar at pulis na pigilin ang patuloy na pagsulong ng ganitong mga organisasyon sa bansa. Ayon kay Col. George Avila, Inspector General ng Training Doctrines Command ng Filipinas, ang pagbuwag sa "chain of command" ng al-Qaeda na naitatag sa Filipinas ang pinakamainam sanang solusyon upang mapigil ang mga banta ng terorismo. Aniya, naagapan sana ang pagbuo nito kung kumilos agad ang Amerika at ang gobyerno ng Filipinas matapos mapag-alaman ang aktibidad ng terorismo sa bansa.

Ayon kay Ressa, ang paglaki ng mga grupo tulad ng MILF ay hindi sinasadyang sinuportahan ng gobyerno nang hinayaan nilang magpatuloy sa pagbuo ng base militar mga organisasyong ito sa bansa sa paniniwalang higit na madaling mahahanap ang mga rebelde dahil dito. Ang pakikipaggiyera naman ng Amerika laban sa Afgahnistan noong dekada otsenta ay nakapagpalala sa sitwasyon ng terorismo, at nagdulot ng banta sa seguridad sa mga bansang tulad ng sa atin. Ngunit sa pagwawari ni Ressa, tila mas malaki pa ang ginampanang papel ng pamahalaan ng Filipinas sa paglaganap ng mga teroristang organisasyon sa ating teritoryo.

Ilang lamang sa naging aktibidad ng Abu Sayyaf o ASG bilang isang teroristang grupo ang pagdakip, paggahasa at pagpatay sa kanilang mga biktima, ngunit sa kabila nito walang naging opensiba na nagawa ang sandatahang lakas laban sa kanila na siyang nagpatibay sa kanilang mga operasy-

RA 9372

Kinailangan ng gobyerno ng Filipinas na palakasin ang opensiba laban sa nasabing grupo sa gitna ng paglakas ng mga grupong ito. Nakakita ng paunang solusyon sa pamamagitan ng pagpasa ng "Human Security Act of 2007" o RA 9372, "An Act To Secure The State And Protect Our People From Terrorism." Sa ilalim ng batas na ito, may karapatan ang gobyerno na parusahan ang mga taong tumutulong sa mga grupo tulad ng Abu Sayyaf.

Isang magandang batas ito na naglalayong

putulin ang suporta na nakukuha ng grupo mula sa mga sakim na opisyal ng gobyerno at pati na sa komunidad.

Ngunit ayon kay Avila, hindi naipatupad nang maayos ang nasabing batas dahil malabo umano ang mga probisyon nito. Mahirap ihiwalay o bigyang depinisyon ang gawa ng isang terorista o isang taong lumalabag sa penal code. Aniya, "Mayroon tayong dalawang batas, ang penal [code] at ang Human Security Act. Aling mga halimbawa ng terorismo ang sakop ng isang batas?" Bilang halimbawa, naglarawan siya ng eksena kung saan may isang guro na nauunsyami sa kanyang trabaho kaya nanunog siya ng paaralan at bahay. Dahil may nasaktan na mga estudyante at nanira ng pag-aari ng gobyerno, maituturing ito na isang terrorist act dahil nilagay niya sa peligro ang komunidad. Kung susuriin pang mabuti, masasabi ring paglabag ito ng penal law, bilang arson. "Mahirap [kapag ganoon]. It's not the burden of the military to give the interpretation to that." Ngunit paglilinaw ni Avila, "Hindi ko sinasabing palpak. Dapat pa pag-aralan iyon."

Dagdag pa niya, tila politikal na paggalaw lamang ang pagpasa ng nasabing batas. "Kung titingnan ang kasaysayan ng Human Security Act, nagsimula siya noong panahon na mataas ang banta sa seguridad ng bansa," aniya. "Our government was being singled out for not having an anti-terrorist law. Panahon rin noon na nababalita ang Al-Qaeda kaya nagsisimula nang bumuo ng anti-terrorist laws ang ibang bansa. Tayo, wala." Noon din daw, hindi pa makausad ang Filipinas sa iba pang mga kasunduan o polisiyang ekonomiko dahil, ayon kay Avila, para sa mga mas asensadong bansa, wala pa sa nibel ng ekonomikong katatagan ang ating bansa. Sa isip ng ibang bansa, "Naririto pa ang Abu Sayyaf; paano ako makasisigurado na hindi mapanganib magtatayo ng mga negosyo kung walang anti-terrorist laws?"

Kaya ayon kay Avila, malaking tulong ang dulot ng probisyong ito sa pagpapalakas sa kapangyarihan ng gobyerno. Makikita umano ito sa detensyon ng mga tao. Dagdag pa niya, kapag tumutugis ang mga awtoridad ng isang hinihinalang terorista, kinakailangang mapatunayang tunay nga na terorista iyon, kung hindi kinakailangan magbayad ang pamahalaan ng danyos sa pagkulong sa tao na walang sala. Ika niya, para siyang "taxi meter" na pumapatak kada oras. Ngunit dahil sa "Human Security Act," posible nang ikulong ng pamahalaan ang sino man na walang pangambang magbabayad ito nang malaki sa taong kinulong niya.

Ang mga kuro-kurong ito ni Avila ang siyang naging pangunahing dahilan ng pagtuligsa ng mga tulad ni Tuazon na naniniwalang ginagamit ang batas upang isulong ang mga politikal na hangarin ng iilan. Sa ilalim umano ng administrasyon ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, nagkaroon ng 300 na kaso ng pagdakip at pagpatay sa mga aktibistang bumabatikos sa pamahalaan. May kakayahan ang pangulong ipahuli ang mga nasabing aktibista sa pamamagitan ng pagpangalan sa kanila bilang mga terorista at maikulong at mapaslang dahil sa sala na hindi pa naman napapatunayan.

Dagdag pa ni Tuazon, naging malala pa lalo ang sitwasyon noong sinubukan ng pamahalaan na palawigin pa ang opensiba laban sa mga terorista sa pamamagitan ng pagbibigay ng pabuya, at pagtaas ng suweldo o promosyon ng mga sundalong makahuhuli ng mga terorista. Ito umano ang naging sanhi ng pang-aabuso ng mga sundalo sa kanilang kapangyarihan. Nagagawa na raw nilang baligtarin ang katotohanan para lamang sa pabuya.

Makikita na sa bagong batas na Human Security Act at pabuya para sa mga sundalo, naging malaking tukso ang motibasyon para abusuhin ang kapangyarihan na kanilang tinatamasa.

INOSENTE?

Sa huli, paniwala ni Avila na magulo pa rin ang isyu ng terorismo. Aniya, makikitang minsan, may ipinaglalaban na karapatan lamang ang mga armadong tao na ito. Marahil umano'y nakararanas lamang ng "economic deprivation" ang mga terorista kung kaya'y napipilitan silang idaan sa dahas ang mga bagay dala ng kagipitan.

Sa konteksto ng Filipinas, may butil ito ng katotohanan kung saan talamak ang korupsyon at kahirapan lalo na sa katimugang bahagi ng bansa na nakakaranas ng giyera. Makikita rin na ang pagmamalupit ng militar at pagpaslang ng iilang politiko sa kanilang kalaban - ito mismo ang nagtutulak sa mga taong sumapi sa grupo ng mga terorista tulad ng Abu-Sayyaf. Tila isang madugong pakikibaka na lamang ang nakikitang solusyon upang maihatid ang kanilang mensahe sa pamahalaan.

Nakikita ni Avila bilang "poor man's war" para kay bin Laden ang matatawag na terorismo. Ito umano ang taktika ng mga katulad ni bin Laden na hindi naman kayang makipaglaban nang tapatan sa mga bayang tulad ng Estados Unidos sa isang pormal na giyera. Upang maihatid ang kanyang mensahe, kinakailangang gawin ito nang patago. Ngunit kung may ganoong perspektibo naman naniniwala din si Avila na minsa'y usapin din ito ng salapi. Ginagamit ng iilan ang terorismo bilang isang kasangkapan upang kumita ng pera, o gaya nga ng nasabi na, isang negosyo.

Tila ang katotohanan ng dalawang nasabi ay totoo sa pagsang-ayon ng grupo ng MILF sa nagawang kasunduang pangkapayapaan noong Oktubre 2012, matapos ang 40 taon ng kanilang pakikibaka.

Ang paglagda sa kasunduang ito sa pagitan ng gobyerno at MILF ang nagpapakita kung papaanong may iba sa mga naturang grupong ipinagtatanggol lamang ang kanilang mga karapatan. Kung makakamit lamang ang kanilang matagal nang inaasam, maaaring mapatunayang kayang bitawang ng mga grupong ito ang asosasyon sa mga organisasyon tulad ng al-Qaeda.

Samantala, inaantabayan ngayon ang pagsuko ng mga grupo tulad ng Abu Sayyaf, at sa paghihintay na ito matutuklasan kung ang kanilang talagang ipinaglalaban ay para sa kanilang karapatan bilang mga Muslim, na siyang dapat nasasakop ng batas ng sharia o talaga bang "pera lang" ang kanilang habol, isang kasakimang kumitil ng maraming buhay at sumira ng maraming tahanan.

Tala ng patnugot: Ang seksiyong ito ay isang natatanging bahaging nakalaan para sa kontribusyon ng mga mag-aaral, guro, akademiko, at mga kawani ng Ateneo. Inaanyayahan ng Matanglawin ang sinuman na magpasa. Maaaring ipadala ang kontribusyon sa Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201-202), o i-email sa sulatin@matanglawin.net

ANG KABILANG MUKHA NG METRO GWAPO

O KUNG PAANO KONE-KONEKTADO ANG MGA ISYU NG BUS LANES SA EDSA, ANG DEMOLISYON SA TABI NG TRINOMA, ANG RH BILL, AT SI ONDOY

ni Michael Pante
lapat ni Melvin Macapinlac

Lahat yata ng tao sa Facebook naging urban planner pagkatapos ng Ondoy. Lahat may gustong sabihin sa kung paano dapat ayusin ang Metro Manila para hindi na maulit ang mga pagbaha: dapat tanggalin ang mga iskwater sa mga estero; dapat bawasan ang populasyon ng Maynila; dapat magkaroon ng maayos na imprastraktura. Dumami pa ang mga ganyang komento pagkatapos ng pagbaha nitong Agosto 2012 dulot ng habagat. Nakakatuwa sapagkat lumalabas ang pagiging komprehensibo ng pananaw ng mga tao. Ang baha ay konektado sa populasyon ay konektado sa pabahay ay konektado sa kalikasan.

Pero ang mas ikinatuwa ko ay ang malamang maraming tao ang mahilig sa pagpaplano. Hindi lang basta pagpaplano kundi pagsasaayos ng kanilang lungsod na may malinaw na paglalagyan at may maayos na daloy. At hindi lang basta mga tao, kundi mga taong nakapaligid sa akin, mga taong may pinag-aralan, may-kaya ang pamilya, may kotse, sa madaling sabi, meron sa buhay.

Iyan ang hilig ng marami sa ating mga nasa gitnang uri. Mahilig tayo sa kaayusan, isang kaayusang para sa atin ay payapa at malaya. Pero isang partikular na kaayusang ito na may pinaggagalingan at merong pagkiling, isang panggitnang-uring pagkiling.

Isang halimbawa nito ang trapik sa EDSA. Minsan, nakakita ako sa Facebook ng isang larawang nagpapakita ng istriktong pagpapatupad sa bus lanes sa EDSA: maluwag ang flyover para sa mga pribadong sasakyan habang masikip ang kalye sa ilalim dahil sa siksikan ng mga bus. Komento ng ilan kong kaibigan, malinaw na ebidensya ito na mga bus nga ang ugat ng trapik; tanggalin mo ang bus, luluwag ang daan. Kaya pala trapik e dahil maraming drayber ng bus ang wala sa linya dahil walang disiplina. Pero ipagkumpara kaya natin: isang barumbadong drayber ng bus na kayang magdala ng 100 pasahero katapat ang 100 disiplinadong drayber na may tig-isang kotse. Alin kaya ang mas nakakatrapik? Hindi ba naiisip ng mga taong may kotse na baka ang kanilang paggamit ng kalsada ang isa sa mga dahilan ng pagtrapik?

Problema ng kaayusan ang trapik. Para sa mga nasa gitnang uri, na madalas ay nagmamay-ari ng kotse, matrapik sapagkat wala sa ayos ang mga bagay: kulang sa maayos na plano (masikip at kaunti ang mga kalsada, buwisit ang mga U-turn, atbp) at kulang sa maayos na tao (walang disiplinang drayber ng bus at jeep, balasubas na MMDA, atbp). Komplikado ang problema ng trapik dahil maraming salik, pero ganang akin, kung tutukuyin ang ugat ng problema, napakasimple lang

naman: masyadong maraming kotse! Kung gayon, ano ang isang batayan na solusyon sa probema?: pagkontrol sa populasyon ng kotse.

Pero dito na nga nagkakaproblema. Papayag kaya ang gitnang uri na kontrolin ng estado ang populasyon ng kotse, lalo at nakakasakal ito sa pundamental na kalayaang ginagarantiya ng demokrasyang meron ngayon: ang kalayaang kumonsumo? Ibang klase rin ang mga nasa gitnang uri, problema raw ang kahirapan dahil sa sobrang dami ng tao kaya dapat kontrolin ang populasyon. Pero malinaw naman na problema sa trapik ang sobrang dami ng kotse pero tila wala sa plano ang anumang probisyon na kokontrol sa dami ng kotse.

Dito ako nangangamba para sa RH Law . Tulad ng problema sa trapik, itong RH Law ay mahalaga para sa panggitnang uri sapagkat problema ito ng kaayusan. Kapag naririnig ko ang mga tao sa aking paligid na pinag-uusapan ito, para bang sinusuportahan nila ang RH Law dahil sa isang pangamba, isang takot na baka dumami ang mahihirap sa Pilipinas. "OMG! We have to give the poor condoms because if not, they will multiply like rabbits and congest our cities!" O ang mas pamilyar at hindi eksaheradong reklamo ng marami: "Mahirap na nga sila, anak pa nang anak!"

Hindi ako tutol sa RH Law; sa katunayan nga e pro-RH ako. 'Yon lang, hindi ako komportable na tila ang pagtutulak para sa RH Law ay parang bunga ng hindi natin pagiging komportable sa gitna ng maraming taong mahihirap na dinudusta natin bilang magugulo at walang disiplina. Minsan, pakiramdam ko e parang virus ang turing sa mahihirap na kailangang gamitan ng gamot para huwag nang dumami. Nasasapawan tuloy ang progresibong diwa ng RH Law para bigyan ng kalayaan ang kababaihan na kontrolin ang kanilang katawan o para bigyan ng pantay na akses ang masa pagdating sa metodo ng pagpaplanong pampamilya na gusto nila. Ang RH Law ay para bigyan ang masa ng mas maraming pagpipilian at hindi para pigilan silang dumami. Kung gusto nilang magkaanak ng isa o labing-isa, sila dapat ang nagpapasya, at hindi tayo para sa kanila.

At iyon na nga siguro ang ikinaasar ko sa ating mga nasa panggitnang uri. Ang hilig natin sa kaayusan at pagpaplano, kaya ang masa na walang masyadong boses sa lipunan e basta na lamang nating isinasama sa mga plano natin. Bonggang-bongga ang mga plano natin para sa lungsod: maaayos na kalye, malalawak na parke at berdeng espasyo, malinaw na paghihiwalay ng residential at commercial areas, atbp. At halos palagi na lang, hindi pasok ang mga iskwater sa depinisyon natin ng maayos, gaya ng makikita natin sa planong Quezon City Business District sa may bandang Trinoma na tahanan ng isa sa pinakamalaking komunidad ng maralitang tagalungsod. Puwede nga sigurong isipin, ang lugar-iskwater ang manipestasyon ng kawalang-kaayusan: isang lugar na magulo, lungga ng adik at holdaper, sanhi ng sakit, maraming basura, hakot na boto sa mga bulok na mayor, at hindi maganda tingnan. At halos palagi rin, ang nagiging solusyon ay pagpapaalis sa mga iskwater at demolisyon ng kanilang kabahayan.

Mahilig tayong mga nasa panggitnang uri sa mabilis na solusyon pero maraming pagkakataon na mas mabisa ang makabuluhang pagtatanong kaysa sa bara-barang pagsagot. Bakit ba sila nandoon nakatira? At bakit ba ayaw nila sa relokasyong ibinibigay? Oo nga, maraming iligal na nakatira doon at maraming propesyunal na iskwater at maraming populistang pulitiko, pero bakit nga sila roon tumitira? O para roon sa medyo radikal: Kung problema ang trapik, sakit, droga, krimen, at basura, bakit hindi kaya ang Forbes Park at Dasmariñas ang i-demolish (lahat naman ng nabanggit ay makikita sa mga subdibisyong ito)? Problema nga ba ang pagkakaroon ng iskwater? Gumagawa lang ba tayo ng multong problema para meron tayong isaayos?

Isang partikular na kaayusan ang gumagabay sa pananaw nating mga nasa panggitnang uri pagdating sa isyu ng trapik sa EDSA, ang RH Law, at ang mga demolisyon sa Trinoma. Komplikado ang paliwanag, at baka kailangang magpasok ng mga teorya, pero hindi siguro ito ang tamang espasyo para roon. Pero 'yon na nga siguro, tamang espasyo. Ang kaayusan para sa atin ay ang pagdidikta na ang mga elemento ng lungsod ay may kanya-kanyang nararapat na paglalagyan, pero isang pagdidiktang nakaangkla sa 'di pantay na posisyon sa lipunan.

Naalala ko tuloy ang mga ideya ni David Harvey pagdating sa pagkahumaling natin sa pagtingin sa lungsod mula sa itaas. Bird's eye point-of-view, ika nga. Nandoon ang kiliti sa paningin, na marahil bunga ng posisyon ng kapangyarihan ng pagiging nasa itaas. At sa ganitong perspektiba madalas nanggagaling ang pagsasaayos at pagpaplano sa lungsod: urban planning, commercial centers, academic papers, atbp. Pero paano ang syudad sa punto-de-bista ng tao sa lansangan? Madalas, hindi tayo makahanap ng isang tumpak na depinisyon para sa abstraktong konseptong tinatawag nating 'masa.' Pero kung ako ang tatanungin, ang masa sa lungsod ay ang mga taong napagkaitan ng pagkakataong panoorin ang syudad mula sa itaas: mula sa tuktok ng mga gusali sa Makati, mula sa loob ng eroplanong lumilipad patungong ibang bansa, mula sa toreng garing ng akademya. Sa ganitong 'di pantay na lokasyon ng masa at ng mga nakakariwasa, madalas, ang masa ang inaayos ng mga nagpapatakbo sa lipunan. Inaayos sila bilang biktimang walang magawa o 'di kaya ay parang mga bagay na walang pakiramdam. At kapag iginiit nilang meron din silang sariling pagpapasya, sariling rasyonalidad, at sariling kaayusang pinananatili—tulad ng mga nangyaring pagbaha sa Kamaynilaan noong Ondoy at habagat at sa mariing pagtutol sa mga demolisyon—saka sila napaparatangang matigas ang ulo at lumalampas sa tama nilang paglalagyan, at kung minsan pa nga, mga kriminal na lumalabag sa batas.

Gusto nating gawing gwapo ang Metro Manila? Siguro, dapat tumingin muna tayo sa salamin at makiramdam sa ating paligid. Kung tutuusin, biktima rin ang panggitnang-uri ng mga istrukturang nagdidikta sa rasyonalidad ng kaayusang nais niyang panghawakan. Kung gayon, panahon na nga sigurong kwestyunin ang rasyonalidad na ito na kumikiling laban sa mga wala sa posisyon. Kung hindi, baka sa gitna ng ating pagkahumaling sa kaayusan at pagpaplano, sinasabihan na tayo ng masang hindi natin pinapansin: "Metro Guwapo mo mukha mo!"

SILIP MASID MATYAG

Pagtutok ng Lente sa Adbiyento ng CCTV at Surveillance Phenomenon sa Filipinas

ni Reizle Platitas at JR Ang
sining ni Mau Naguit

"Huling-huli sa akto!" – ito ang katagang madalas na ginagamit sa balita kasunod ang detalyadong paglalarawan sa naganap na krimen at pagpapakita ng ilang litrato. Ganito ang eksena sa panahong hindi pa gaanong kilala ang CCTV ngunit sa pagsikat nito, unti-unting naging karaniwang kataga na sa sambahayang Filipino ang 'huli sa CCTV', isang bagong realidad para sa mga mamamayan.

BAGONG ANGGULO NG TEKNOLOHIYA

Hindi tiyak kung kailan nga ba unang ginamit ang mga CCTV cameras sa bansa, ngunit masisigurong hindi pa nagtatagal at tila lahat ng klase ng mga gusali ay gumagamit nito dahil sa praktikal nitong pakinabang. Kung susuriin, maituturing na pangangailangan ang mga ito sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng sa mga negosyo dahil sa pamamagitan nito, mas madaling matututukan ng iisang tao lamang ang buong gusali sa halip na kumuha ng isa o dalawang gwardiya sa bawat palapag. Mas madali at kombinyenteng maglagay na lamang ng mga CCTV upang masigurong walang ibang nakakapasok sa mga hindi dapat pasukang lugar ng gusali.

Ngunit sa paraang ito, mas malaki pang gastos ang tatamuhin ng mga kumpanya. Sa bawat isang CCTV camera ay nagkakahalaga ng higit sa suweldo ng isang gwardiya ang katumbas, na kung titingnan sa pangmadaliang panahon, hindi rin ito maituturing bilang praktikal. Kung kaya nama'y kailangang suriin kung nararapat nga bang maglagay ng mga CCTV cameras sa mga establisamiyento sa Pilipinas. Madaling makita na ang pangunahing gamit ng mga CCTV camera ay upang pumigil ng krimen. Sa pamamagitan ng pagpapaalam sa mga may masasamang-loob na may CCTV camera ang isang lugar, napipigilan ang anumang aktibidad na may kaugnayan sa krimen. Sa takot nilang mahuli ng camera ang mukha nila, mas pipiliin na lamang nilang huwag nang ituloy ang masamang balak, o kaya nama'y lilipat sila sa ibang walang lugar na walang kagamitan gaya nito.

SEGURIDAD AT KRIMINALIDAD

Base sa mga obserbasyon at pananaliksik sa mga bansang tulad ng Britanya, hindi epektibo ang mga CCTV sa pagpigil ng krimen. Ito'y sapagkat kahit na alam ng mga kriminal na nakukunan sila ng bidyo,



tila wala silang takot na magpatuloy sa krimen.

Maaaring ganito rin ang nangyayari sa Filipinas dahil bagaman nagkalat na sa iba't ibang mga lugar ang mga CCTV camera, marami pa ring krimen ang nagaganap. Isang taktika ang simpleng pagtatakip lang nila sa kanilang mga mukha at hindi na agad makikilala ang kanilang identidad.

Isang malinaw at epektibong paggamit ng mga CCTV camera ay ang pagtukoy sa kung sino ba talaga ang may sala sa mga aksidente sa kalsada. Ang EDSA, bilang halimbawa, ay minomonitor ng maraming CCTV camera at ilan sa mga nahuli ng mga ito ay banggaan, hit-and-run at simpleng paglabag sa batas trapiko. Minsan na ring may nahuling mga nangongotong na traffic enforcers ng MMDA ang mga nasabing kagamitan.
Sa loob ng Ateneo, makikita ang maraming security guards na nakakalat sa buong campus. Ngunit sa gitna ng ganitong sistema, tila may iilang nakapapasok at nagpapanggap na estudyante o di kaya'y mga sibilyan lamang upang gumawa ng krimen sa loob ng pamantasan. Kamakailan lang ay may nahuling construction worker ang isang guwardiya dahil sa pagkuha nito ng kagamitan ng mga estudyante.

Sa ganitong mga kaso, saan nga ba pumapasok ang silbi ng mga CCTV sa Ateneo? Ayon kay G. Jose Batac, Direktor ng Facilities Management Office ng pamantasan, lampas dalawang taon nang mayroong CCTV sa Ateneo. "Dalawang taon bago ang aking panunungkulan, mayroon nang mga CCTV na nakakabit. Mayroon na sa MVP, mayroon na rin sa library,"* aniya.

Bukod sa dalawang nabanggit, marami pang ibang lugar sa Ateneo ang protektado na ng mga CCTV. Isa pa sa mga ito ay ang LS Bookstore kung saan mayroon nang nahuli nagnakaw. "Previously noong bago ako hindi pa ako masyadong involved, I was made aware na may isang nakita through the CCTV. Unfortunately 'yong zooming capacity during that time ay hindi ganoon ka-capable, so hindi mo talaga [makita nang maayos iyong mukha noong tao]. Pero at least nakita siya kung paano niya kinuha. Although I cannot say we were successful in apprehending the person," paglalarawan ni Batac sa isang kaso.

SILIP SA REALIDAD

Naging regular na bahagi na ng mga programang naghahatid ng balita ang pagkakaroon ng segment na nagsisiwalat ng mga aktong nahuli ng CCTV camera. Mula sa karaniwang pagpuslit ng mga paninda sa mga tindahan hanggang sa mga karumal-dumal at makapigil-hiningang eksena ng karahasan, hindi na lamang sa pagsasadula o paglalarawan maihahatid sa publiko ang uri ng kriminalidad sa bansa. Hindi na nakapagtataka na

madaling napukaw ang interes ng mga Filipino sa ganitong uri ng teknolohiya na pahihintulutan kang magkaroon ng kahit papaano'y dagliang kaalaman sa talagang nangyari.

Ipinaliwanag ni Ma. Elizabeth Macapagal, guro mula sa Kagawaran ng Sikolohiya ng Ateneo kung bakit nga ba nagdadala ng atensyon ang footage mula sa mga CCTV camera sa nakakapanuod. "Naaliw ang mga tao kasi parang reality (show ito). Makikita iyong mga krimen kaya natutulungan mo 'yong mga tao para malaman nila 'yong mga ginagawa ng mga kriminal", aniya. Bagaman sang-ayon si Macapagal na pundamental pa ring layunin ng pagkakabit ng mga kamera ang sana'y pagpigil sa mga krimen, ang pagdami at pagkatalamak mismo ng mga katiwaliang nakukunan rin nito ang siyang nakukuha ng media para ipalabas sa madla.

Sa naiibang konteksto, napatanyag na rin sa atin ang konsepto ng surveillance noong sunud-sunod na nagsulputan at sumikat ang mga reality show sa bansa. Partikular na rito ang Pinoy Big Brother na nakilala sa pagpapalabas ng autentiko at hilaw na mga eksenang nakukunan ng mga kamerang nakakabit sa bawat sulok ng bahay ng tinaguriang si "Kuya". Marahil malayo sa pagpapanatili ng kaayusan ang layunin ng mga CCTV camera sa naturang palabas na ito at madalas pa nga'y mas kumikiling ito sa mga kaganapang may pag-iiba sa katotohanan. Mas maraming ginagawang kakaiba, negatibo man ito tulad ng pakikipag-away sa ibang kalahok, pagsira ng gamit o anumang paglabag sa mga alituntunin sa loob ng bahay, mas pabor ito sa pagtaas ng ratings ng palabas. Ngunit mapapansin pa rin na ang tunay na layunin ni Kuya na bantayan ang bawat kilos, hulihin ang mga aberya at pagkakamali na gagawin ng mga taong kasali nang sa gayon mabigyan ito ng karampatang parusa.

Hindi ito nalalayo sa naisin ng mga nagkakabit ng CCTV na mapamahalaan ang isang malawak at pampublikong espasyo sa pinakamabisang paraan. Malinaw itong sinasang-ayunan ni Batac kung Ateneo ang pag-uusapan dahi aniya "kung may CCTV [camera] ka, iyong isang guwardiya sa lobby nagagawa na niyang bantayan yung ikalawa at iyong mga nasa taas pang palapag nang sabay- sabay."* Ito na nga para kay Batac ang pinakamainam at praktikal na paraan na sistema ng pagpapanatili ng seguridad sa Paaralang Loyola bagaman aminado siya na may kalakihan din ang badyet na kailangan upang mas maging komprehensibo pa ang paggamit ng CCTV sa unibersidad.

TULAY LANG AT HINDI HANGGANAN

Sa patuloy na pagdami ng mga tahasang krimeng nahuhuli ng kamera, hindi maiiwasang maitanong kung bakit sa kabila ng mas mahigpit na sistema ng pagmamatyag ay ni hindi natitinag ang mga kawatan. Ayon kay Macapagal, "sa social psycholgy, may pag-aaral na 'pag alam mong may nanonood sa iyo, parang magdadalawang-isip ka sa mga gagawin mo."

Kahit matagal nang mayroon nitong mga CCTV camera, masasabing halos bago pa lamang ito sa kamalayan ng publiko dahil sa pagpapakilala at palagiang pagtatampok nito ng media. Kaya naman sa tingin ni Macapagal, matagal nang naganap ang karamihan sa mga footage na ipinapalabas sa ngayon. Maaaring hindi pa alam ng mga taong nakukunan nito na ganoon na kalaganap ang surveillance sa pamamagitan ng mga camerang ito, kaya't nagpapatuloy ang krimen.

Kabilang sa mga sinasabing pakinabang ng paggamit ng CCTV ang pagpapababa ng kaso ng kriminalidad dahil mas mangingilag umano na gumawa ng masama ang kawatan sa lugar na may nakaabang na mga kamera. Sa ganitong mentalidad, mas napapanatag nga ba sa kanilang kaligtasan ang mga mamamayan kung nasa pampublikong ispasyo sila na may "nagbabantay"? At higit doon, sapat na ba ito para maging kampante ang kapulisan sa pagpapanatili ng seguridad? Nagpalabas kamakailan lang ng ordinansa ang pamahalaang lungsod ng Quezon na nilagdan ni Mayor Herbert Bautista ukol sa pagmamandato ng paglalagay ng CCTV ng bawat negosyo. Sa bagong ordinansa, magiging kahingian na ang pagkakaroon ng sistema ng CCTV sa mga establisiyimento bago sila makakuha ng kaukulang business permit.

LIPUNANG BANTAY-SARADO

Isang mahalagang kaisipan sa pag-aaral ng agham at lipunan (science and society) na sabay hinuhubog ng teknolohiya at mga pwersa ng lipunan ang isa't isa ang penomenong ito. Anupa't kailangang unawain ang pag-usbong at patuloy na paglaganap ng teknolohiya ng CCTV. Maaaring pagsunod lamang sa modernisasyon ng mga kagamitan at sistema ang hakbang na ito tungo sa tiyak na seguridad at mas madaling pamamahala.

Sa isang punto, napatunayan na nito ang pagiging epektibong kasangkapan sa larangan ng paglutas at pag-iwas sa krimen. Maaari ring kahit papaano'y maibsan ng presensiya ng mga kamera ang pangamba ng mga mamamayan. Higit kailanman, ngayon lang nagkaroon ng pinakamalapit sa isang testigo sa mga mismong pangyayari ang kapulisan. Ngunit tila may kabigatan ang pagsandal sa teknolohiyang ito na kung tutuusin, inilalagay sa mata ng pagsusuri ang mga pagpapahalagang mayroon ang lipunan sa ngayon. Hindi na sasapat ang likas na pagtitiwala at katapatan upang kumilos nang malaya sa pang-araw-araw na buhay. Laging kailangang may nakatingin, may nakabantay na tila naghuhudyat na anumang oras, isang paglabag sa pagpapanatili ng kaayusan ang magaganap.

**Isinalin mula sa Ingles.*

Tala mula sa patnugot: Sinubukan ng mga manunulat na kunin ang panig ng Quezon City Public Security and Order, ngunit walang tugon na natanggap ang mga manunulat.

ANG TINIG MULA SA ILANG, NOON HANGGANG NGAYON

Pagkilala sa musikerong si Joey Ayala, ang "voice in the wilderness" mula sa Davao

ni Rhea Leorag
kuha ni Jami Cudala

"Nais kong lumipad tulad ng agila
At lumutang-lutang sa hangin
Magkaroon ng pugad sa puso ng kagubatan
Ngunit ito ay panaginip lang at maaring di matupad..."

Para kay Joey Ayala, isa ang "Agila" sa mga paborito niyang awiting naisulat. Patunay ang awiting ito na maaaring maging iba't iba ang pagpapakahulugan ng isang awit depende sa tagapakinig. Sari-saring pangkat ng lipunan ang nagpasalamat kay Ayala dahil sa tingin nila'y "para sa kanila" isinulat ang awit – mga katutubo, mga political ideologist, at maging mga miyembro ng Sparrow Unit (assassination squad ng Communist Movement). Nang ilabas ang Agila noong 1980s, nagkaroon din ng debate sa pagitan ng mga aktibista, "Bakit ginamit niya 'yong agila eh simbolo ng US 'yan?"

Sa gitna ng lahat ng ito, binabati naman ni Ayala ang kaniyang sarili na nakagawa siya ng isang kantang maaaring bigyang kahulugan ng tagapakinig batay sa kaniyang "sense of identity". Kaugnay nito, nakilala ni Ayala ang sarili bilang isang maselang manunulat – kailangan laging multidimensyonal ang mga kanta, may mga simbolismo sa ilalim ng literal na kahulugan.

BISYO NG PAGLIKHA

Nagtapos mula sa Ateneo de Manila High School, unang natutong tumugtog ng gitara si Ayala dahil nainggit siya sa matalik niyang kaibigan. Aniya, "Doon nagsimula. Naiinggit ako lagi, eh." Malaking bahagi rin ng hilig niya sa paglikha ng musika ang kinalakhan niyang creative culture sa kanyang mga kaibigan. "Naging uso sa grupo namin yan. May magagaling magpinta, magagaling mag-drawing, magagaling magsulat, kami-kami yon. We would show off to each other. 'Meron akong ginawa! Meron akong ginawa!' Creativity 'yong aming bisyo. We fueled each other's passion kumbaga. 'Yong mga frustration namin sa lipunan, napupunta sa sining."

Isang malaking pagbabago ang naganap sa buhay ni Ayala nang lumipat ang kaniyang pamilya sa Davao matapos siyang mag-high school. Sa panahong wala pang cellphone o e-mail, tuluyang nalayo si Ayala sa nakasanayan niyang buhay. Sa puntong ito naging gamot para sa kaniya ang patuloy na pagsulat ng mga kanta. "Gawa lang ako nang gawa ng kanta. Siguro kung hindi ako gumawa, baka nabuang na ako 'don."

Naging bahagi rin ng buhay-kolehiyo ni Ayala ang teatro, kung saan unang nagkaroon ng malaking audience ang kaniyang musika. Naging trainor ng kanilang grupo ang makatang si G. Al Santos at nagkaroon ng pagkakataon si Ayala na lapatan ng musika ang isa sa mga obra ni Santos sa teatro. Nagkaroon ng malaking impluwensiya sa kaniyang pagsusulat ang nasabing karanasan, lalo na nang makilala niya ang kagandahan ng wikang Filipino.

Gayon pa man, hindi naging madali ang transisyon. "Kasi Atenista ako eh. English-speaking ako, pati mag-isip. Pero I consciously tried to expand 'yong kakayahan ko sa wikang Filipino." Para kay Ayala, hindi maganda ang paraan ng pagtuturo ng Filipino sa unibersidad. "You learn how to hate the language. You don't understand it, and it's so complicated. You're learning your own language in the manner you would learn a foreign language." Dahil sa paraang ito tumubo ang pangingilag ni Ayala sa kaniyang sariling wika subalit nang magkaroon ito ng kaugnayan sa mga kantang kaniyang isinusulat, natutuhan niyang mahalin ang wikang alam niya, yaong naririnig niya sa kalsada. "'Yong sarili ko na ang nagsasalita, hindi na si Balagtas, o kung sino pa na hindi ko maintindihan 'yong sinasabi."

ANG TINIG MULA SA ILANG

Nang makatapos sa kursong Economics sa kolehiyo, iba't ibang trabaho ang pinasukan ni Ayala na karamiha'y may kinalaman sa

komunikasyon. Sa kalaunan, nagtayo ng isang maliit na recording studio para sa mga voice over ang pinagtatrabahuhan niyang development communications NGO. Ang isang bagay ay humantong sa isa pa. Sinubok ang equipment, nairekord ang mga kanta, gumawa ng album, naglabas ng mga kopya. Noong mga panahong iyon, wala pa sa isip ni Ayala ang pagpasok sa lokal na industriya ng musika.

"Naglako ako. Kahit anong lakad ko sa araw-araw, may dala ako sa bag. Nakita ko may kabatch akong nagtatrabaho sa bangko, pasukin ko yan, 'O, bili ka! Bente pesos.' Kumalat lang ng kumalat." Hanggang sa may makarating na mga kopya ng album ni Ayala sa Maynila, at dumagsa ang mga magagandang rebyu mula kina Virgilio Almario, Jose Mangahas at iba pa. Nagkaroon ng interes ang mga tao. "Sino 'yong voice in the wilderness na 'yon, nasa Davao, gumagamit ng indigenous instruments, 'yong mga kanta niya anlayo sa [naririnig sa] radyo?"

SA PAGIGING KAIBA

Makata ang kaniyang mga magulang. Mahilig rin ang mga ito sa musika mula sa iba't ibang bayan at bansa, na siyang kinalakhan nilang magkakapatid. Nanirahan din ang kaniyang ina sa Cordillera noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at pangkaraniwan na sa kaniya ang pakikinig nito sa musikang katutubo. "Wala sa radyo 'yon, pero maganda. Iba-iba ang pinanggagalingan. Bukas ang tenga ko."

Sa ngayon, kilala si Ayala sa kaniyang estilo ng pagsasama ng moderno at popular na musika at tunog ng mga katutubong intrumento.

PINAGHUHUGUTAN

Nang tanungin kung ano ang inspirasyon niya sa mga isinusulat na kanta, "Buhay," ang payak na sagot ni Ayala. Para sa kaniya, hindi lamang isang bagay ang inspirasyon, kundi isang paraan ng pagtingin sa mga pagay sa ating paligid. "It begins with an effort. If I set my mind to it, I can be inspired."

Sa pagsulat ng kanta, pinahahalagahan ni Ayala kung malinaw bang naipararating ang nais niyang sabihin. "Responsibilidad kong hulihin ko kung ano 'yong dumaan sa kamalayan ko." Sa kalaunan, natanto niyang iba-iba na ang dating ng mga isinusulat niyang kanta sa mga mga tagapakinig. "At nang magsimula akong mag-isip nang ganoon, naging mas mahirap gumawa. Mas gusto ko 'yong innocence noong wala akong pakialam at pinakikinggan ko [ay] 'yong sarili ko lang."

BAGONG LUMAD

"It's a band. Now it's also the name of a foundation. It's also the name of a production outfit." Sinasalamin ng dalawang salitang ito na nangangahulugang "new native" ang mga paniniwala ni Ayala ukol sa buhay, kultura, at pagiging bahagi ng lipunan. "Para sa akin, maraming mga problema ng lipunan ang nanggagaling sa attitude na 'Hindi ako native. I don't belong to this country, to the earth, to nature.' Ang konsepto ko ng pagiging native ay pagiging bahagi ng kapaligiran."

Para kay Ayala, dapat nating tingnan ang ating sarili bilang bahagi ng ating paligid at lipunang ginagalawan, ng paglago at pagbagsak nito, ng mga problemang kinahaharap nito na kung tutuusi'y tayo rin naman ang dahilan. Para sa kaniya, hindi dapat tingnan ng tao ang kanyang sarili bilang nakaaangat na nilalang. "Pakiramdam ko hayop pa rin ako eh. Iyon 'yong part ng pagka-native ko. I do feel attached to everything."

SA MAKABAGONG KAGUBATAN

Sa paglipas ng panahon, maraming pagbabago ang nagaganap sa lokal na industriya ng musika. Patuloy ang pagdami ng mga musikero kaalinsabay ng pag-unlad ng teknolohiya. "Sobrang layo. Ngayon, kagigising mo lang, puwede ka nang dumiretso sa recording studio sa bahay n'yo o sa cellphone." Ngunit para kay Ayala, hindi ganoon kalaki ang pagbabagong naganap sa pagtanggap ng tao sa kanyang musika. "Ganoon pa rin. Hindi pa rin siya 'pop.' Mas kilala ako ngayon, siyempre. Pero kung ikukumpara mo sa mga mainstream, o kumbaga sikat sa radyo, gan'on pa rin. Para pa rin akong nasa Davao. I'm still like a voice in the wilderness."

SA PAGIGING LAGALAG

Sa iba't ibang bahagi ng kaniyang buhay, naranasan ni Ayala ang maging makata, manalo ng Palanca, magdirihe ng dula, magsulat para sa isang magasin. Gayunman, kasabay ng lahat ng ito'y patuloy niyang hinuhulma ang pagmamahal sa musika. Nang magtanghal siya sa Vancouver Music Festival noong 1986 kung saan niya nakilala ang mga musikerong hndi pinagsasabay ang musika at iba pang trabaho, gumawa si Ayala ng desisyon na maging ganap na manunugtog. "The decision was a no-brainer then – the choice was between being poor-and-frustrated and being poor-and-happy."

PARA SA AKIN, MARAMING MGA PROBLEMA NG LIPUNAN ANG NANGGAGALING SA ATTITUDE NA 'HINDI AKO NATIVE. I DON'T BELONG TO THIS COUNTRY, TO THE EARTH, TO NATURE.' ANG KONSEPTO KO NG PAGIGING NATIVE AY PAGIGING BAHAGI NG KAPALIGIRAN.



PANININDIGANG NAGHAHANAP NG TAHANAN

Sa gitna ng panghuhusga at pagsisi sa mahihirap sa nagaganap na karahasan sa mga demolisyon, talaga bang nakikita natin ang tunay na kuwento sa likod ng kanilang paghihirap? Sila nga ba ang may sala o sadyang biktima lamang ng kawalan ng katarungan sa ating lipunan?

nina JC Peralta at Eliza Sallao, kuha ni Kimberly Pe-Aguirre, sining ni Jeruscha Villanueva

Nagsisilbi bilang matinding paalala ng kanilang krusada ang mga retratong nakapaskil sa pader ng kanilang silid-kainan tuwing sila'y nagsasalo-salo – mga imaheng sumasagisag sa kanilang krusada: protestang inorganisa at barikadang itinayo, mga mukhang naghahanap ng kasagutan sa pasilyo ng hustisya (pati na ang pag-dadalamhati sa kabiguan), maging yaong nagbuwis ng buhay at naging biktima ng karahasang 'di kailanman dapat maranasan ng isang tao.

Bahagi lamang ng pang-araw-araw na takbo ng buhay ng mga miyembro ng Defend Job Philippines ang pagtanaw sa mga larawang ito sa kanilang simpleng opisina sa Makati, isang apartment na siya ring nagsisilbi bilang kanilang tahanan. Napapabilang ang Defend Job Philippines sa isa pang mas malawak na network, ang Demolition Watch, na siyang binubuo ng iba't ibang sektor ng lipunan tulad ng kababaihan, kabataan, mga propesyunal, at maging ang Katolikong Simbahan at nabubuklod ng iisang layunin, ang tuluyang maiwaksi ang karahasang tila hindi maiwasan sa mga demolisyon.

Nagsisilbi bilang secretariat ng network na ito ang Defend Job Philippines ngunit ang pangunahing adbokasiya talaga ng grupong ito ang karapatan ng mga mangga-gawa. Hindi nagkataong ang isyu ng mga manggagawa at ang mga isyu ng kahirapan at ng kawalan ng permanenteng tirahan ay magkaugnay, ayon sa coordinating officer

nitong si Melona Repunte Daclan at siya ring campaign director ng Demolition Watch. “Nakakatanggap kami ng maraming mga ulat at pagkabahala mula sa mangga-gawa na umuuwi rin sa mga komunidad na kung saan iyong mga inuuwian nilang maralitang komunidad ng ay may banta ng demolisyon,”* aniya.

Sa kabilang banda, kasulukuyang umiikot sa buong Filipinas ang dating senador at kalihim ng DILG, at ngayo’y pangulo ng Manila Hotel na si Atty. Joey Lina, upang lumahok sa mga conferences at magsalita sa mga pagtitipon nang tuluyang mabura ang mga maling akala ukol sa RA 7279 o mas kilala bilang Urban Development and Housing Act (UDHA), batas na kanyang inakda dalawampung taon na ang naka-lilipas. Paniwala ni Lina na kaya’t nagpa-patuloy ang “squatting” sa napakaraming komunidad sa Metro Manila ay dahil sa mga maling akala na ito.

Mula sa magkaibang perspektibo at magkakaibang karanasan ngunit pareho lamang ang nais magampanan nina Daclan at Lina: ang mapagbuti ang kalagayan ng mga taong nais paglingkuran, ang maralita nating mga kababayan na pangkarani-wan na nating nasasaksihang biktima ng karahasan sa bawat demolisyon ng mga tinatawag na “informal settlers.” Ngunit madalas nahuhusgahan ang mga pamily-ang apektado bilang siyang pangunahing dahilan ng marahas na pagkilos, isang pagkilos na siyang nagdudulot ng minsan hindi lamang mga sugat sa katawan o bali sa buto, kundi maging ang pagbubuwis ng buhay. Tunay nga ba nating nasasaksihan ang buong kuwento?

BATAS PARA SA KAUNLARAN

Mas kilala bilang Lina Law ang UDHA, batas na akda ng dating senador upang subukang harapin ang lumalalang kala-gayan ng tinaguriang “informal settlers” sa bansa sa pamamagitan ng reporma sa lupa ng kalunsuran at murang pabahay. Sakop ng batas ang makatarungang proseso ng pagpapaalis sa mga informal settlers. Por-mal itong naisabatas sa administrasyon ni Pangulong Corazon Aquino noong 1992.

Hindi naging konstruktibo ang naging pagtugon ng mga nakaraang batas sa isyung ito. Sa bisa ng Presidential Decree 772 noong 1975, panahon ng Pangulong Ferdinand Marcos, itinuring na krimen ang “squatting” at makukulong ng mula anim na buwan hanggang isang taon o mag-mumulta ng hindi bababa sa isanlibong piso ang sinumang mapatunayang ilegal na naninirahan sa lupang pagmamay-ari ng pamahalaan o ng isang pribadong partido. Subalit hindi nabigyang solusyon ang problema ng kawalang-tirahan, kaya’t humanap ang mga mambabatas ng mas epektibong pagtugon sa problema; nakamit ang dekriminalisasyon ng squatting sa pamamagitan ng Republic Act 8368 noong 1997. Gayunpaman, hindi pa sapat ang pagsagot ng batas na ito sa mga isyu ng kahirapan sa kalunsuran at sa paglabag sa karapatang-ari ng mga maylupa.

Sinusubok na pagtagpuin ng Lina Law ang dalawang ito sa pamamagitan ng pagbabago sa kahulugan ng “squatter”. Pinapangalagaan ng batas ang kapakanan ng mga maylupa sa pagtukoy sa mga kat-egorya ng “squatter” na dapat managot sa batas. Dalawa ang tinutukoy rito: una ang mga “professional squatters,” na maaaring mga naninirahan sa lupang pagmamay-ari ng isang pribadong partido nang walang pahintulot ngunit kumikita naman ng sapat upang makayanang umupa o bumili ng legal na tirahan o kaya’y nabigyan na ng pabahay ng pamahalaan ngunit ito’y ipinag-bili o pinaupahan at bumalik muli sa lugar na ilegal nilang tinirahan, o mga taong naninirahan sa mga lupang nakalaan sa pa-bahay ng pamahalaan. Ikalawa naman ang mga “squatting syndicates”: mga grupong kumikita o nakikinabang mula sa ilegal na pagpapaupa. Bukod sa agarang pagpapaalis, haharap mga profesional squatters at squat-ting syndicates sa mga kasong kriminal at mapaparusahan ng pagkakakulong ng hindi hihigit sa anim na taon o/at mag-mumulta ng animnapung libo hanggang isandaang libong piso.

Samantala, pinapaboran ng Lina Law ang “underprivileged and homeless citizens,” mga pamilyang nakatira sa kalunsuran na walang sarili at disenteng tirahan, at ku-mikita ng mababa pa sa threshold ng kahi-rapan na itinatakda ng National Economic Development Authority (NEDA), at mga pamilyang naninirahan sa mapapanganib na lugar tulad ng mga estero, tabi ng riles, tambakan ng basura, mga baybayin at iba pang pampublikong lugar gaya ng mga kalsada at parke.

Sa pagkilala ng lupaing maaaring gawing resettlement areas para sa mga pamilyang ito, nangangailangan ito ng pagtutulungan ng iba’t ibang ahensya ng pamahalaan kabi-lang na ang Housing and Urban Develop-ment Coordinating Council (HULRB), Na-tional Housing Authority (NHA), National Mapping Resource Information Authority (NAMRIA), Land Management Bureau, at ang lokal na pamahalaan o LGUs. Sa pag-susuri ng mga resettlement area na ito,

Ipagkakaloob ang pabahay sa mga erya na ito sa pinakamababang halaga, at sakaling hindi kayanin ng mga benepisyaryo na ma-bili ang lupa at bahay sa takdang panahon, maaari pa ring mapasa-kanila ang lupa bilang aring-komunidad sa tulong ng Com-munity Mortgage Program ng pamahalaan.

Walang hinaharap sa “bahay-pangarap” Ngunit hindi nakasalalay ang suliranin sa pagkakaroon ng pabahay sa mga relocation areas na ipinagkakaloob ng pamahalaan sa mga mamamayang nasasakop ng Lina Law, kung hindi sa mismong kalagayan ng relocation areas na ito. Sa pagsasagawa ng Demolition Watch ng fact-finding missions, may apat na pangunahing problemang kinahaharap ang mga lugar na paglilipatan sa mga pamilyang mahihirap, na siya ring dahilan kaya’t marami ang nananatili sa mapapanganib na lugar sa lungsod ang maraming maralita.

Una na rito ang kawalan ng trabaho, o “employment opportunities.” Bagaman sumasailalim ang mga apektadong komu-nidad sa mga livelihood training program tulad ng paggawa ng sabon at ng kandila, tila walang pinatutunguhan ito dahil hindi umano nakatatanggap ng suporta ang mga nasabing komunidad mula sa pamahalaan. Walang saysay ang pagkakaroon ng maliit na negosyo dahil wala ring pambili ang mga miyembro ng komunidad.

“Malaking usapin pa rin ang trabaho sa kanila pero totoo rin iyon na kahit saan ka man ay wala naman talagang trabaho sa tindi ng unemployment sa bansa natin. Pero ang masama doon, may trabaho ka na nga dito’t may pinagkukunan ng kabu-hayan, tinanggal pa sayo iyon at naging

epekto ng mga naganap na demolisyon," siyang pagpupuna ni Daclan sa ganitong sitwasyon na kinahaharap ng mga napaalis na pamilya.

Malaki rin ang papel na ginagampanan ng pagkakaroon (o ang kakapusan) ng tinatawag na "basic social services" sa pananatili ng mga tao sa mga eryang ito, kung saan ayon kay Daclan, malimit na walang mga ospital, health center o kahit mga doktor at nars ang mga relocation sites tulad na lamang ng ilang komunidad na nailipat sa Montalban (Rodriguez), Rizal, kung saan ang pinakamalapit na establisamiyentong pangkalusugan ay nasa Marikina o lungsod pa ng Quezon. Wala rin umanong mga paaralang makakayanang magpatuloy sa dagdag na bilang ng mag-aaral.

Pangatlo ang mismong kinalalagyan ng mga relocation site na siyang tinagurian ni Daclan bilang "death zone", kung saan inalis nga sa "danger zone" ang mga residente ngunit dinala sila sa isang lugar na mapanganib. Suliranin ding maituturing ang mismong mga bahay na nakatayo sa mga lugar na ito. "Para lang siyang posporong nakadikit sa lupa," paglalarawan ni Daclan. Isa pang alalahanin ang tinatawag ng kinatawan ng Defend Job Philippines na "security of tenure." "Sa security of tenure na ito, marami sa mga narelocate ay "walang katiyakan na mapapasa-kanila iyong bahay na iyon or lupa na iyon," aniya.

Walang pondo, malabong usapan

"It's a matter of survival," siyang pagkilala ni Lina sa isyu ng "squatting." Ngunit kanya ring nasabi na maling akala ang libreng pabahay na ibinibigay sa mga "informal settlers" at siya iyong kasalanan ng lokal na pamahalaan. "Ito'y maling akala; 'di ito kasalanan ng batas. 20 taon ko na itong ipinapaliwanag ngunit pinapaniwalaan ng tao ang nais niyang paniwalaan."* Ayon kay Lina, walang isang pamahalaan sa mundo ang nag-aalok ng libreng pabahay, dahil ayon sa Konstitusyon (Seksyon 9 at 10 ng Artikulo 13), "affordable decent housing" ang kayang ipagkaloob ng gobyerno kung saan may gastos pa ring kailangang pasanin.

Ang pagkukulang din ng pagpapaliwanag sa panig ng mga LGUs ang dahilan ng pagkakaroon ng karahasan sa mga demolisyon. "Kung kulang ang paliwanag ng mga nanunungkulan, kulang ng koordinasyon, lumalaban ang mga tao na [dapat] lilikas. O kaya kahit napaliwanagan mo na, ayaw pa ring umalis. Tapos, lalaban sila kahit wala na sa lugar. Mayroon namang ayaw umalis dahil sa mapanganib din 'yong lugar na pagdadalahan sa kanila," aniya.

Nagiging politikal din daw ang proseso ng demolisyon, dahil may iilang opisyal na hinahayaan ang paglaganap ng ilegal na istruktura sa komunidad na siyang hindi kayang labanan ng pambansang pamahalaan dahil wala itong hurisdiksyon sa lokal na mga isyu. "Kung magrereklamo ka sa mga opisyal ng baranggay, tutungo ka sa munisipyo. Paano kung bata ni mayor iyong [opisyal] ng baranggay? May pulitika din iyan. Walang naglalakas-loob na labanan ang mga alkalde."*

KARAHASAN SA DEMOLISYON

Idiniin ni Lina na hindi kinakatigan ng pamahalaan ang demolisyon, maliban na lamang kung ang mga informal settlers ay nasa mapanganib na lugar, o may utos ang korte. Sa mga nasabing sitwasyon, hinihimok ng batas ang mga kapulisan at iba pang awtoridad na makipagdayalogo sa mga lider ng komunidad at sa lokal na pamahalaan upang masiguro ang mapayapa at matiwasay na paglipat . "Maaaring kulang ng eksplanasyon, kulang ng paliwanag kung bakit dapat sila ilipat sapagkat ayon sa batas," kaya't nagkakaroon ng karahasan sa araw ng demolisyon ayon kay Lina.

Ngunit para kina Daclan, hindi lamang sa mismong araw ng demolisyon nagiging marahas ang iilang miyembro ng lokal na pamahalaan at pulisya. "Iyong tindi ng karahasan, pagdating ng aktuwal na demolisyon iyang umaabot sa kasagsagan niya."* Nagkakaroon umano ng pagmamatyag at panggigipit sa mga pinuno ng mga organisasyong kinabibilangan ng mga residenteng paaalisin, maging ang pagdukot, pambubugbog at minsa'y humahantong sa pagpaslang sa kanila, tulad ng nangyari sa tinaguriang Silverio 10 ng Silverio Compound, lungsod ng Parañaque. Ang pagiging marahas ng mga komunidad laban sa awtoridad ay isang pagtatanggol sa kanilang mga sarili, ani Daclan. "Pinaghahandaan nila iyon kasi komunidad iyan e, nandiyan iyong paninirahan nila. Nasa tama iyong kanilang paninindigan."

Nag-uugat itong karahasang ito, para sa grupo ni Daclan, mula sa isyu ng pagsasapribado ng lupa sa lungsod na kinasasangkutan ng pamahalaan at pribadong mga kompanya at idinulot ng pagsasabatas ng UDHA. ""Sa pagsusuri namin diyan, iyang UDHA, ginawang niyang lehitimo ang demolisyon. Katunayan, naniniwala kami na iyong mismong probisyon na ito sa RA 7279, nilalabag niya iyong international standards kaugnay sa karapatan sa makatuwirang pabahay kasi kahit sa pamantayang internasyonal, hindi sinusuportahan ang mga sapilitang pagpapalayas at demolisyon pero sa batas mismo, nilagyan niya mismo ng probisyon ng proseso ng demolisyon."*

Wala ring tulong na natatanggap ang mga mahihirap na komunidad sa kanilang pagsasampa ng mga kaso, lalong-lalo na mula sa lokal na pamahalaan. Isang halimbawa ang pagsasampa ng reklamo ng mga maralitang organisasyon sa Manila Bay at Freedom Islands, na siyang tatayuan ng isang kasino. Inihain nila ang kanilang kaso noong Marso 2012 sa Korte Suprema, ngunit pinagpapasa-pasahan lamang sila.

Tila lalo pang nagiging marahas ang nararanasan ng mga organisasyon, at naniniwala ang Demolition Watch na dahil kumokonti na ang lupang maaaring ipagbili ng gobyerno sa mga malalaking negosyante. "Handa talaga silang gumamit ng dahas, makuha lang nila iyong lupa."

NAKATAGONG KAPANSANAN

Para kay Lina, komprehensibo na ang batas na kanyang iniakda para matugunan ang kawalan ng permanente at disenteng tirahan sa kalunsuran, at nangangailangan na lamang ng karagdagang pondo para sa tamang implementasyon nito – isang hakbang na siyang tinatahak umano ng kasalukuyang administrasyon sa pamamagitan ng paglalaan ng sampung bilyong piso kada taon sa pambansang badyet.

Sa palagay ng dating senador, ang ugat ng problemang ito sa demolisyon at ang karahasang nagreresulta ay hindi nasa implementasyon ng batas kundi sa kawalan ng economic development sa mga probinsya, lalo na sa kawalan nila ng pagmamay-ari sa lupang pinagkukunan nila ng kanilang

kabuhayan. Sa hirap ng kanilang buhay roon, marami ang lumuluwas tungo sa mga lungsod sa pag-asang makahanap ng kaginhawaan, l alo na't nasa pagmamay-ari ng kakaunti lamang ang lupang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga pamilyang ito – isang malupit na katotohanang hindi mabubura sa kasaysayan.

Sinusubukan umano ng Lina Law ang pagkakaroon ng "rural-urban interdependence" upang baguhin ang ito, sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga lungsod na nagbibigay-pagkakataon sa mga underpriviliged and homeless citizens na manatili sa mga lungsod na walang panganib sa kanilang kabuhayan, at magkaroon ng pagsulong sa kaunlaran ng mga probinsya.

"So, beautiful cities, thats everyone's dream, balanced development, have more economic growth in other areas, to slow down the pace of inmigration. Inmigration or urbanization is a natural phenomenon, but you can slow this down if you have more growth centers." Matatagpuan na sa RA 7279 ang pundasyon para sa mga layuning ito, ayon kay Lina.

Subalit para kina Daclan, nangangailangang baguhin ang balangkas ng mismong batas dahil naging instrumento umano ng pamahalaan ang RA 7279 upang ipagbili ang pampublikong lupa sa pribadong mga partido, at naitulak sa gilid ang mga hinaing ng mga mamamayan nitong higit na nangangailangan ng tulong. Maging ang pagtatayo ng pabahay, tulad ng mga medium-rise na condominiums, para sa mga apektadong residente ng demoliyon ay hindi napag-isipang mabuti lalo na kung susuriin ang kalidad at mismong presyo ng renta nito. Isang halimbawa ang pabahay na itinayo umano sa Cavite na nagkakahalaga ng 500,000 piso kada bahay – halagang hindi kayang bayaran ng maralita. "Doon pa lang, iyong framework ng housing pa lang, hindi na siya maka-mahirap. Iyong batas mo, hindi rin maka-mahirap," ani Daclan.

"Ang hinihingi [ng mahihirap] ay magkaroon ng disenteng trabaho at kabuhayan, magkaroon ng disenteng pasahod, itigil na iyong mga demolisyon. Sa halip, tulungan sila ng pamahalaan na mapaunlad iyong komunidad nila." Naniniwala ang Defend Job Philippines at Demolition Watch na nasa tama ang paninindigan ng mga komunidad na kanilang ipinagtatanggol. Ang solusyo'y hindi umano makakamtan kung hindi bibigyan-pansin ng pamahalaan ang mga mali sa sistemang pinaiiral nito. "Kawalan ng lupa, kawalan ng trabaho mismo - kung mayroong matinong trabaho, kung may lupang mabubungkal, may mapapasukan kang trabaho at nagpapasahod nang maayos at disente, hindi pipiliin ng mga urban poor natin na sumiksik sa mga estero, sumiksik sa mga madudungis na tabing-baybayin o tinatawag na gobyerno natin na mga squatters area."*

"Iyong pagkakaroon kasi ng urban poor, pahiwatig siya ng tindi ng kawalang-katarungan sa mamamayan. Hangga't dumadami ang mahihirap, ibig sabihin mas matindi iyong kawalan ng katarungan na nararanasan ng mamamayan, matindi iyong kawalan ng lupa, matindi iyong kawalan ng trabaho, matindi iyong karahasan kasi dumarami iyong mahihirap."* M

**Isinalin mula sa Ingles*

ANG HINIHINGI [NG MAHIHIRAP] AY MAGKAROON NG DISENTENG TRABAHO AT KABUHAYAN, MAGKAROON NG DISENTENG PASAHOD, ITIGIL NA IYONG MGA DEMOLISYON.

Melona Daclan, Demolition Watch



LABAW DONGGON
SA PAGBUBUO NG BAYAN

ni Iman Tagudina
kuha ni Ana Chavez



Saan ka magsisimulang maghanap ng isang katulad ni Labaw Donggon sa panahon ngayon?

Sa pagsasadula ng Ateneo ENTABLADO sa pakikipagsapalaran ni Labaw Donggon: Ang Banog ng Sanlibutan, binigyang buhay nito ang mga katangian na likas sa isang tagapagligtas, sa isang bayani. Hindi man perpekto ang katauhan ni Labaw, napagkaisa naman niya ang tatlong kaharian.

PAKIKIPAGSAPALARAN

Mahaba man at paulit-ulit ang tinatahak na landas, may malinaw naman na dahilan ang bawat sagupaan na dinanas ni Labaw. May dahilan, tulad ng pag-iisip na ang lahat ng ito ay mayroong mas malalim pang pinaghuhugutan. Bawat pagtatagpo ni Labaw at ni Saragnayan ay nagtatapos sa isang realisasyon: na gaano man kaliit, tungo ito sa pagbuo ng isang mas masidhi pang pagsasakatuparan. Sa bawat kabanatang nagtatapos, may ibinubunyag ang dula tungkol sa katauhan niya: ang kaniyang mga pinapahalagahan, mga pinaglalaban, at maging mga prinsipyo sa buhay.

PAGSUKO, PAG-AHON AT PAGLABAN

Mapagbiro ang tadhana – hindi na ito bago para sa marami sa mga epiko ng ating panitikan, ngunit isa ito sa pinaka nakaaantig na elemento ng bawat epiko. Kung papaanong pinaglalaruan ng mga diyos ang mga nilalang sa lupa, kung papaanong may kani-kaniyang buhay ang tatlong kaharian. Hindi man madali ang sumuong sa isang laban na hindi mo alam kung papaano at saan hahantong, nagawa pa rin niya ito dahil sa pag-ibig. Ang puno't dulo ng lahat ng pakikibakang ginagawa ni Labaw ay upang makuha ang pag-ibig ng tatlong dilag ng mga kaharian.

Pag-ibig, hindi lamang ng isang nilalang, kundi maging ng mga halimaw na masasama man ang loob ay natuturingan pa ring gumawa ng mabuti para sa minamahal. Sa pagsuko ni Saragnayan kay Nagmalitung Yawa, sinabi niya na ang lahat ng ito ay para rin sa diyosa, na ang lahat ng ito ay para sa pagsasakatuparan ng isang misyon na mas malaki at mas makabuluhan pa sa kanilang buhay.

Hindi man madali ang pagsuko, kinakailangan ito upang makabangon muli. Sa pagkakapiit ni Labaw sa kulungan ni Saragnayan, makikita natin na nagbunga ito ng relasyon sa paggitan ng dalawa niyang anak na sina Baranugun at Asu Mangga, na siya namang magliligtas sa kaniya mula sa pagkakapiit. Sadyang mapaglaro ang tadhana, ngunit ang lahat rin naman ng ito ay tungo sa muling pag-ahon at paglaban.

PAGKAKAISA

Tradisyunal man ang epikong ito, hindi maipagkakaila na ang mga katangian na ipinapasa nito sa mga manonood ay hindi na bago. Pagmamahal sa bayan at sa pamilya, at ang pagpapahalaga sa misyon na iniatas Niya sa atin. Para sa isang bayan na nangangailangan ng tagapagligtas, ng isang bayaning mag-aangat rito mula sa kaguluhan, tanging sa pagsasakatuparan lamang ng sari-sariling misyon sa buhay natin makikita ang pagkakaisa.

nina Shannon Azares at Eliza Sallao
may ulat Pristine de Leon at Maj Delfin
kuha ni Eliza Sallao; sining ni Gica Tam

PARA SA AKTIBISTANG NAKAUPO

Sa mabilis at patuloy na pagbabago ng mundo, patuloy na dumarami ang mga bagay na maaaring gawin nang hindi lumalabas ng bahay, hindi gumagastos, hindi face-to-face. Maaari nang makuha online ang lahat ng kailangang babasahin para sa susunod na klase. Posible na ang magshopping nang hindi dumadayo sa pinakamalapit na establisamiyento.

Kasabay ng mga online na pagbabago, umusbong ang mga aktibistang Internet ang pangunahing sandata. Hindi na kailangang dumayo pa sa EDSA o sa harap ng kahit anong city hall upang magprotesta, siguraduhin lang na may Facebook, Twitter, o Tumblr. Ngunit bago man at mabilis, hindi pa rin maiiwasang itanong kung epektibo nga ba ang ganitong uri ng pagpro-protesta at kung napakikinggan nga ba ang bawat boses ng masa.

SLACKTIVISM: MABABAW NA PAG-UNAWA

Aksyon mula sa iilang click lamang – ito ang pinakasimpleng kahulugan ng "slacktivism." Gamit lamang ang Internet at ang pagkakaroon ng accounts sa mga tinaguriang social networking sites, nakapagbibigay na umano sila ng kamalayan ukol sa iba't ibang isyu. Isa sa pinakamaingay na pagkilos sa Internet ang naganap noong 2012, ang video na "Kony 2012" ng grupong Invisible Children kung saan ipinakilala si Joseph Kony, pinuno ng gerilyang Lord's Resistance Army sa Uganda. Naging layunin nito ang ipamalay sa maraming tao ang tungkol sa mga nagaganap sa naturang bayan upang marinig ng mga may kapangyarihan at nang sa gayon ay magkaroon ng agarang pagkilos.

Hindi naging ligtas ang Filipinas sa virality ng Kony 2012; kumalat ito sa Facebook, Twitter at Tumblr, at naging bukambibig ito ng karamihan. Ngunit maliban sa pagiging tanyag ng pagkilos na ito, tumanggap ng matinding kritisismo ang Invisible Children dahil sa pagpapasimple nila sa isyu, at kawalan ng mas malalim na pag-unawa sa mga pangyayari. Sa artikulo ni Renee Foplan para sa GMA News noong Marso ng nakaraang taon, walang naging kongkretong resulta ang pakikilahok ng Filipino sa isyung ito, kahit na nagkaroon ng aksyon ang pamahalaan ng Estados Unidos ukol dito. Ang pag-like at pag-share sa naturang video ay walang kakayanang makumbinsi si Pangulong Aquino na magpadala ng pwersang militar sa Uganda, na tila ba may kakayahan ang ating pamahalaan upang gawin ito. Tinapos ni Foplan ang artikulo sa pagsasabing: "It's hard to be a warrior when one knows so little about what he's fighting for."

HINDI LAMANG "BLACK AND WHITE"

Nakaugat ang terminolohiyang "slacktivism" sa salitang "slack," na kung isasali'y maaaring mangahulugang "magpabaya." Isa lamang ito sa argumento laban sa slacktivism, kung saan ayon kay Evgeny Morozov, isang iskolar mula sa Stanford at Schwartz Fellow at the New America Foundation, ito'y walang politikal o panlipunang epekto, dahil ang online na aktibismong ito ay lumilikha ng ilusyong may nagagawang mabuti at kongkreto ang pagsali sa isang



Facebook group at pag-like o share sa isang post.

Nakakapagbigay man ng kamalayan ang bagong uri ng mga aktibista at posible mang dumoble ang dami ng taong lalabas at tunay na iparirinig sa bayan ang kanilang boses, wala pa ring mangyayari kung hanggang Internet lang ang karamihan sa kanila. Dagdag pa ni Morozov, nawawala ang pagbabad sa mga isyu dahil walang pisikal na koneksyon sa mga taong iyong karamay at katulong sa pagpapakalat ng kamalayan, hindi tulad ng sa tradisyunal na anyo ng aktibismo. Aniya, "Then the much-touted tools of digital liberation are only driving us further away from the goal of democratization and building global civil society."

"It's easy to gather likes pero ano ang hantungan ng likes na 'yon?" ani Arjan Aguirre, guro mula sa Kagawaran ng Agham Politikal ukol sa kultura ng paglalike sa Facebook. Para sa kanya, bagama't ang mga nagpapasimuno sa ganitong pagkilos sa mga social networking sites ay ginagamit ang teknolohiya para sa kanilang sariling adbokasiya, wala pa ring magagawa ukol sa pag-unawa ng isang karaniwang internet user. "Dahil sa sobrang dali na lang niya, siguro hindi na masyadong makilatis 'yong mga nuances ng mga issues. Mas mababaw kasi 'yong wala namang nag-oversee sa bawat internet user kung gaano nila naiintindihan 'yong issue."

Kamakailan lamang ay naglunsad ang UNICEF Sweden ng isang kampanya laban sa slacktivism na pinangalanang "Likes Don't Save Lives", kung saan kanilang iginiit na walang maitutulong ang simpleng like, share o retweet. Ayon sa direktor ng komunikasyon nitong si Petra Hallebrant, "We like likes, and social media could be a good first step to get involved, but it cannot stop there. Likes don't save children's lives. We need money to buy vaccines for instance."

HINDI POSITIBO, HINDI RIN NEGATIBO

Ayon naman sa mga tinaguriang "slacktivists," malaki ang naitutulong ng kanilang pagkilos dahil nababawasan ang nagagastos sa kampanya para sa isang adbokasiya, at lumalawak pa ang naaabot nito. Sa pagdami rin ng likes ng isang fanpage na nakatutok sa isang dakilang adbokasiya, malaki ang pagkakataong mapapansin din ito ng mainstream media dahil sa paglikha nito ng atensyon.

Ngunit ayon kay Morozov, walang kahit anumang patunay na mas epektibo ang slaktibismo kaysa tradisyunal na anyo ng aktibismo. " There has been no drop in the actual quality and effectiveness of these campaigns." Sa isang pag-aaral ni Henrik Serup Christensen noong 2011, walang "subsitution effect" na nagaganap, kung saan hindi naapektuhan ng slacktivism ang bilang ng mobilisasyon ng aktibista.

Hindi lamang basta bandwagon ito para kay Aguirre. Naniniwala siyang mas dramatiko at mas malaki ang maaaring maging epekto ng slacktivism kung sasamahan din ng pisikal na pagpoprotesta. "It's the sign of the times, na siyempre nag-aadapt naman 'yong tao sa kung anong available na technology," sa paggamit ng Internet para sa aktibismo," aniya. Nakatutulong din ang pagtutok ng media sa kapangyarihan ng Internet para sa kanilang pagbabalita, kaya't nagkakaroon ng bisilibidad.

PAGKILOS NG HACKTIVISTS

"Slacktivism, I think, is the harmless one. 'Yong hack[tivism] is the more dangerous." Ganito ang simpleng pag-iiba ng slack mula sa hacktivism ni Aguirre. Stagnante na maituturing ang slacktivism, ngunit hindi rito nagtatapos ang aktibismo sa Internet. Batay sa pangalang "hacktivism", ang mga hacktibista ay binubuo ng mga hacker na may gustong ipahayag ukol sa mga gobyerno at sa mga batas nito.

Kung maaalala, bago pa man mabigyan ng Supreme Court ng pagkakataong marinig ang mga argumento ukol sa Cybercrime Prevention Act, nahack ng Anonymous Philippines, isang grupo ng mga hacktibista, ang ilan sa mga websites ng gobyerno kabilang na ang website ng National Food Authority . Nagsimula ang kanilang pagpapahayag sa katagang ito: "Protect our Right to Freedom of Expression." Hindi man naaayon sa batas ang kanilang pagpapahayag, hindi nito napigilan ang Anonymous Philippines na ipahayag sa kung sinumang makakakita ng kanilang ginawa ang pangangatwiran nilang tinatanggal ng Cybercrime Prevention Act ang karapatan ng masa na magpahayag.

Bilang pagtugon, naglabas ng pahayag si Secretary Edwin Lacierda na nagsasabing hindi nakatutulong ang ginagawa ng mga hacktivist lalo't malaking abala ang kanilang idinudulot. Naniniwala si Aguirre na hindi lamang isang pag-atake sa pamahalaan ang aksyong ito ng mga hacktivist. "You're attacking the services that the website provides for the people. Dehado rin 'yong tao."

Ngunit sa kabila nito, hindi nilalabag ng mga hacktibista ang bagong Cybercrime Prevention Law of 2012, ayon kay Undersecretary Louis Casambre, executive director ng Information and Communications Technology Office ng Department of Science and Technology. Sa halip, binabansagan na lamang ng gobyerno ang kanilang pagpapahayag bilang vandalismo. Ngunit bilang tugon sa patuloy na pagpapahayag ng mga hacktibistang katulad ng Anonymous Philippines, gagawan daw ng Cybercrime Investigation and Coordinating Center ng bago at mas mainam na plano para sa seguridad ng cyberspace ng gobyerno.

HINDI KRIMINAL KUNDI IDEOLOHIYA

Sa artikulo ni Peter Ludlow ng New Your Times noong Enero nito lamang taon, ang mga hacktivist ay mga taong gumagamit ng teknolohiya upang makapagdala ng pagbabago sa lipunan. Ngunit tulad ng ginawang pag-hack ng Anonymous Philippines sa mga website ng pamahalaan ng Filipinas, sa kasalukuyang panahon, nagtatawid ng landas ang hacktivism at ang mga krimen sa Internet o cybercrimes.

Ayon kay Aguirre, sila ang katumbas ng mararahas na tao at grupo sa mga protesta sa kalsada. Nakikita niya ang punto ng ganitong ginagawa ng mga hacktivist ngunit, "I think that's crossing the line already, 'yong hacktivism. Kasi it's just a sign of desperation of people who are extremely internet savvy."

Ngunit sa pagtunton ng kasaysayan ng hacktivism, kung mayroon mang isang bagay na magbubuklod sa mga hacktivists at magsasaibayo sa iba't ibang lugar at henerasyon, naniniwala si Ty McCormick sa kanyang artikulo sa Foreign Policy, ito ang pagkakaroon ng ideolohiya, at



YOU'RE ATTACKING THE SERVICES THAT THE WEBSITE PROVIDES FOR THE PEOPLE. DEHADO RIN 'YONG TAO.

Arjan Aguirre, Kagawaran ng Agham Politikal, Pamantansang Ateneo de Manila

paninindigan sa likod ng kanilang ginagawang pag-atake sa iba't ibang pamahalaan. Naniniwala umano silang kailangang ang impormasyon na matatagpuan sa Internet ay bukas para sa akses ng lahat at nararapat na maging libre. Ang kanilang ginagawa'y isang paglaban sa mga pamahalaan at mga korporasyong ginagawang pribado ito.

Dagdag pa ni Ludlow, "Hacking is fundamentally about refusing to be intimidated or cowed into submission by any technology, about understanding the technology and acquiring the power to repurpose it to our individual needs, and for the good of the many."

Liban dito, bagaman may pangangailangang itago ang kanilang tunay na pagkakakilanlan, nagsasagawa rin ng protesta ang iilang grupo ng mga hacktivist upang mapagtibay pa ang kanilang "adbokasiya." Isang halimbawa ang pisikal na pagtitipon ng grupong Anonymous noong Enero ng taong 2008 laban sa Church of Scientology dahil sa kinilala ng Anonymous na "campaigns of misinformation" at "suppression of dissent."

SANDATA NG KATOTOHANAN

Isa sa mga dahilan kung bakit ang Internet ang kanilang pangunahing sandata ang katotohanang mas mabilis kumalat ang kanilang mensahe sa ganitong paraan. Dahil nga dumadami ang mga taong gumagamit ng Internet, tila naiisip na kung talagang gusto ipaalam sa masa ang iba't ibang adbokasiya, ito ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan.

Subalit isa lamang sa mga panganib sa online na pagkilos na ito ay hindi nito kinakatawan ang opinyon ng lahat ng partidong maaaring kasangkot sa isyu, lalo na iyong pinakamahihirap sa ating lipunan na walang akses sa Internet o teknolohiya, ayon kay Aguirre. Kaakibat din nito ang hindi pagkakaroon ng nagkakaisang opinyon, ngunit normal naman ito para sa kahit anong isyu. "Sa kahit anong issue, there will always be diversity of opinion. Reflection lang din ng lumalabas sa internet. Hindi naman kailangan lahat ay nag-aagree sa isang issue," ani Aguirre.

Bagaman ang mga hacktibista at slaktibista ang dahilan kung bakit mas marami ang may kaalaman ukol sa mga isyung pampulitikal at sosyolohikal, hindi pa rin ito matatawag na ganap na aktibismo bilang ang pagkilos na ito sa Internet ay isang pagkilos na simboliko. Hindi lamang isang "pagpapabaya" o pag-"slack" ang slacktivism at hacktivism at isang pamamaraan upang makilahok, para kay Zeynep Tufekci, isang propesor ng sosyolohiya sa Harvard Berkman Center for Internet and Society subalit mananatili umano itong bilang simboliko lamang, lalo pa't ang mga slacktivist ay hindi naman aktibista sa una't una kung walang kaakibat na kongkretong pagkilos.

May dahilan kung bakit malaki ang impak ng EDSA People Power. Sa pamamagitan ng pisikal na aktibismo, mas maraming marhinalisado at mga dukha ang nabibigyang malay sa mga isyung may kinalaman sa kanilang mga karapatan. Hindi ba mas buo ang boses ng masa kung galing ito mula sa mayayaman hanggang sa mga dukha, mula sa mga Facebook at Internet hanggang sa nakababasa ng dyaryo at may taingang marunong makinig? Hindi ba mas may impak kung nakikita ng mamamayan na may talagang gustong magdala ng pagbabago?

Nagsisimula man sa Internet ang kamalayan, hindi kailangang dito matapos. Nagsisimula ang pagbabago sa oras na may mag logout ng kanilang Facebook at Twitter at lumabas upang madinig ang kanyang boses.



YOSI

ni Noel Clemente
sining ni Iza Jonota

Bawat langhap
        ika'y napapasarap
        ako'y napapakurap
Bawat ihip
        ika'y nananaginip
        ako'y napapaisip
Bawat buga
        ika'y napapanganga
        ako'y di makahinga
Bawat upos
          na iyong nilulubos
          ako'y naghihikaos

BAHA

ni Jeffrey Agustin

Walang kasing itim, sobrang dilim.
Walang makita, walang marinig.
Ang inaasam asam ang pilak mong lamig.
Kapalaran ay nakatali sa tahanang binaha--
lahat ng kasama ko'y tinangay na't nilunod.
Nagiisa't nalulugmok; naisin ma'y walang mata para
lumuha.
Nililok akong ganito.
Katawan ay 'di nasawi ngunit pagkatao'y nahati.
Ang bagyo ng buhay marahil ang naglayo
Sa 'ting dal'wa para humanap ng iba--
Bagong kapares, bagong kasangga.
Kung di man makahanap ng bagong kasama,
habang buhay makukulangan ng saysay.
dahil wala ka na, wala na tayo.
Ngayon ang tanging silbi'y sumalok.
Sa mga sanaw ng kung ano-ano.
Mas mabuti pa'y hukayin na lang ang sariling libing,
Dahil kung wala ka'y ako'y gutom,
hungkag, walang laman
kundi ang patapon-tapong, paapaw-apaw
na mga lunaw at likido.
Kung kaya lang hukayin ang lupa,
at mag-iwan ng balon ng kawalan,
para masaid lahat ng baha at lahat ng tinangay nito
papunta sa alimpuyo ng aking puso
nang walang matirang patak na magtatangay sayo palayo.
Hahagilapin lahat ng aagusin sa kailaliman nito
hanggang sa ika'y matagpuan.
At muling bumalik sa aking piling.

Sino?



TERNO INFERNO
TONIGHT AT saGuijo
MUSICALO
UPDHARMA DOWN
ENCOUNTERS WITH A YETI
SLEEPWALK CIRCUS
CONTRA
feeling hipster ~~poser~~
film camera daw
(wala namang film)
"I'm surprised at how many fans Grizzly Bear has."
"I blame Twilight."
" 'Di 'no, mukha lang."
"Hipster ka?"
HELVETICA.
Helvetica?
Buhay ~~atenista~~
HIPSTER
TRISHA KATIPUNAN


matanglawin.net